# *Mga Hebreo, Ikaapat Na Kabanata*

. . . ay ang makaalam nang higit pa tungkol sa ating banal na Panginoon. At 'yan ang ating—ating layunin sa pagtitipon dito, ang para sa layuning 'yan, at, pati, ang maipanalangin ang mga maysakit na anak ng Diyos. At kaninang umaga ay nagkaroon tayo ng isang—isang napakainam na pagpapala mula sa Mga Kasulatan.

2 Sinisikap nga nating talakayin, sa tuwina sa gawain, ang isang bahagi ng . . . Tumatalakay ako rito sa Aklat ng Mga Hebreo, patuloy itong tinatalakay, sa mga nakalipas na ilang linggo na ngayon. At ngayon, kung loloobin ng Panginoon, ipagpapatuloy natin sa Miyerkules ng gabi, pagkatapos ay sa Linggo ng umaga at Linggo ng gabi, patuloy lang, hangga't narito pa ako sa mga araw na 'yan. Hindi man isang rebaybal, ngunit ito'y rebaybal, ang makapagtipun-tipon sa gabi-gabi nating gawain. At kaya nga tayo'y lubos na, napakasaya na magkaroon ng ganitong pagkakataon para makasalamuha ang mabubuti nating kaibigan mula sa iba't ibang lungsod, at sa palibot dito sa Falls Cities. At kung—kung mangyaring ihinto natin ito o kung anuman, maaaring dahil 'yun ang pangunguna sa atin ng Panginoon, sa madaling panahon, para . . . marahil maaari tayong magdaos ng ilang gabi, siguro, sa gimnasyo o kung saan, pagkaraan ng ilang panahon, kung tila baga doon ang pangunguna ng Panginoon, doon sa isang lugar kung saan mapagtitipun-tipon natin ang ating mga tao.

At nakita natin ang mga parating na tao, pumupunta roon sa likuran, sabi, "Sikip na pala roon—roon sa loob." Dahil nga, napakaliit ng tabernakulo. Kaunti lang talaga, ang puwedeng makaupo, at kami'y sadyang lubos na nagagalak na pumayag kayong dumalo rito at maupo kahit mainit, upang mapakinggan ang Salita ng Panginoon. At idinadalangin namin na ang Diyos ay lubusan, at masagana kayong pagpalain at tulungan kayo.

3 At ngayon, sa gabing ito, nais nating, sisimulan natin ang ika-4 na ka- . . . Ilan po ang narito kaninang umaga? Patingin nga po ng mga kamay n'yo. Oh, napakainam 'yan, halos lahat narito. At narito tayo, sisimulan natin, ang ika-4 na kabanata ng Aklat ng Mga Hebreo. Oh, isa nga itong kamangha-manghang Aklat! Natutuwa ba kayo Rito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] At ito nga'y paglalakip-lakip ng Kasulatan sa Kasulatan.

4 At si Pablo, bago niya patotohanan ang karanasan niya, kinailangan niya munang magtungo sa Arabia at alamin, sa pamamagitan ng Salita kung iyon nga ang Katotohanan. Gusto ko 'yun. At sa pag-aaral kaninang umaga, nalaman natin, sa pagtuturo kaninang umaga, na si Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At nalaman ni Pablo na ang siya ring Haliging Apoy na nanguna sa mga anak ni Israel, ang kumatagpo sa kanya sa daan patungong Damasco. Nalaman natin na ang Haliging Apoy, na nanguna sa mga anak ni Israel doon sa ilang, patungo sa lupang pangako, ang kumatagpo kay Pablo sa daan patungong Damasco, at tinawag ang Sariling, "Jesus."

5 Pagkatapos ay nalaman natin ang tunay na kataas-taasang pagka-Diyos ni Jesus Cristo. Ang buong Aklat ngang ito ang kapahayagan ni Jesus Cristo. At dumating Siya, nalaman nga nating, "Sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan, ay nagsalita ang Diyos sa mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta; at sa huling mga araw na ito ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus. Ipinahayag Niya ang Kanyang Sarili." At ang Aklat mula Genesis hanggang sa Apocalipsis ay walang iba kundi ang tuluy-tuloy, ang walang-hanggang, kapahayagan ng Panginoon Jesus.

6 At nalaman natin na Siya Yaong nasa nagniningas na kahoy. Nalaman natin na Siya Yaong kasama ng Diyos bago pa man naitatag ang sanlibutan. At nalaman natin na, sa Bagong Tipan, Siya ay Diyos at Tao, pinagsama. At pagkatapos noong lisanin na Niya ang Bagong Tipan, upang pumaroon na sa Langit, sabi Niya, "Ako'y nagbuhat sa Diyos, at Ako'y babalik sa Diyos."

7 At pagkatapos noong makatagpo Siya ni Pablo, naroon Siya sa gayunding anyo Niya noong pinangunahan Niya ang Israel, isang Haliging Apoy. At tiningnan Siya ni Pablo sa mismong mukha, hindi pa siya nun mananampalataya, at nagdulot tuloy Ito na magkaroon siya ng sakit sa mata habambuhay. Nabulag nga siya, at sa loob ng ilang araw ay wala talaga siyang makita. Kinailangan siyang akayin sa isang lansangang tinatawag na Matuwid.

8 At may isang propeta roon ang Diyos na kinausap Niya, na nagngangalang Ananias, na dinatnan, ng isang pangitain, at ipinatong ang kanyang mga kamay kay Pablo, at nagsabing, "Kapatid na Saulo, tanggapin mo ang iyong paningin."

9 At nalaman din natin, pagkatapos, na yaong siya ring Espiritu Santo, ang siya ring Panginoong Jesus, ang dumating kay Pedro sa anyo ng isang Liwanag at itinakas siya mula sa bilangguan.

10 At nalaman natin na ang siya ring Panginoong Jesus, sa mga araw na ito, ay naroon pa rin sa Haliging Apoy (Liwanag) na nangunguna sa Kanyang bayan (ang Kanyang

Iglesya), ipinamamalas ang gayon ring bagay, nagbibigay ng mga pangitain; dumarating at pinapatungan ng mga kamay ang mga tao, sa pamamagitan ng pangitain. Ang Panginoong Jesus, na Siyang nakipagtagpo noong nakaraang Linggo ng umaga sa bahay, at nagsabing, "May lalaking darating, itim ang buhok, ubanin na. Isa siyang Griego. Ang maybahay niya ay nasa edad media na, at hahagulgol sa may altar."

11 Naging usap-usapan 'yan, at alam na ng ibang magaganap 'yan. Ang lalaki ay kapuwa baldado, ang—ang pinakaugat doon sa kanyang ulo para makapanatili ng balanse ay wala na. Ni hindi niya maigalaw man lang ang kanyang mga paa o ang kanyang mga binti. At bulag din siya. At para madoble ang bisa: pinalapit ko muna ang isang binibini para maipanalangin ang maysakit, tapos, bumaling ako at pinalapit si Kapatid na Toms para manalangin. At naroon kami, nakaupo, habang pinagmamasdan namin ang magaganap. At pagkatapos ay bumaba ako at ipinanalangin ang maysakit, at lumayo na. At lumapit 'yung maybahay, gaya ng kung ano talaga 'yung nasa pangitain, at hinawakan ako sa braso at nagsimula nang humagulgol, at sabi niya ipinadala sila ni Dr. Ackerman dito. Si Dr. Ackerman ay isang matalik kong kaibigan, isang Katoliko. Ang anak niyang lalaki ay isang pari sa monasteryo sa—sa Saint Meinrad, dito sa Indiana. At ang lalaking ito ay taga-Jasper. At pinagaling siya ng Panginoon, mula sa silyang iyon. Nakatayo na nga siya at lumakad. Nakakakita na rin siya nang simbuti gaya ng sinuman. At lumabas siya ng gusali, normal at magaling na. Ang lahat ng 'yun ay sa pamamagitan ng isang pangitain!

12 "Kapatid na Saulo, ang Panginoong Jesus na nagpakita sa iyo sa daan, ay nagsugo sa akin upang mapatungan kita ng aking mga kamay, upang tanggapin mo ang iyong paningin at mapuspos ka ng Banal na Espiritu." Kahanga-hanga nga.

13 "Pagkatapos ay nalaman natin, ngayong nakikita nating taglay na natin ang dakilang kaligtasang ito, hindi natin ito dapat. . .Hindi tayo makatatanan sa mga parusa at galit ng Diyos, kung ating pabayaan ang ganitong dakilang kaligtasan."

14 Ngayon sisimulan na natin ang pagbasa, sa gabing ito, dito, at sisimulan ang ika-4 na kabanata ng Aklat ng Mga Hebreo. Kung may gustong sumunod sa pagbasa, may ilang mga Biblia tayo rito. Kung nais nila ng isa, sige lang po, aabutan po kayo ng isa sa mga usher natin dito, basta itaas n'yo lang ang inyong kamay, aabutan kayo ng—ng mga Bibliang narito. Kung maari lang po na isang kapatid natin diyan ang kumuha nito. . .May dalawa pang Bibliang nakapatong dito, sa palagay ko.

15 At ngayon bibilisan na natin, dahil may komunyon pa tayo maya-maya. At kung saan tayo matapos ngayong gabi, itutuloy natin sa Miyerkules ng gabi. Ngayon, sa palagay ko, kaninang umaga sa ating pagbasa, nagsimula tayo sa ika-15 talata.

16 Mayroon, marahil sa inyong hindi pa nakakaalam na nagsasalamin ako, para makapagbasa. Tumatanda na kasi ako. At nakababasa pa rin naman ako, pero hindi ko na ito mabasa nang mabilis, lalo na kapag maliliit ang binabasa ko rito, kapag maliliit na.

17 At nagtungo nga ako para maipasuri ang mga mata ko, para malaman ko na rin kung talagang lumalabo na ba talaga ang paningin ko. Ang mga mata ko ay ten-ten. Sabi nung doktor, "Lampas ka na kasi ng kuwarenta, iho." May ipinabasa siya sa akin, sabi, "Basahin mo ito." Binasa ko. At habang papalapit ako nang papalapit, bumababagal ako nang bumababagal. At nung *ganito* na lang kalapit, huminto na ako. Saka niya inilagay doon sa ten-ten, nababasa ko 'yun kahit saan. Pero sabi niya, "Kaya ganyan, kapag lampas na kasi ng kuwarenta, umiimpis na ang mga bola ng mata mo."

18 Ngayon, puwede ko namang paliitin ang mga mata ko at mababasa ko na 'yun kahit *ganoon* lang kalapit sa akin, pero kailangang paliitin talaga ang mata. Kaya, iginawa na niya ako ng isang pares ng salamin. Nakakakita na ako, saanman, kahit pa malapitan. Ngayon, kapag malayo na ang binabasa ko, hindi ko na mabasa kapag gamit ko ito. Pero nababasa ko naman, nababasa ko kapag gamit itong salamin.

19 Ngayon, kaninang umaga, natalakay na natin ang huling bahagi ng ika-3 kabanata ng Mga Hebreo. At, oh, mayayamang butil nga ang nasumpungan natin dun. Ngayon makinig na po. Nais kong bumasa muli, para maging basehan natin ngayon. Hindi na natin tatalakayin pang maigi, dadaanan lang natin nang kaunti.

> *Samantalang sinasabi, Ngayon kung* inyong… *marinig ang kaniyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso na gaya ng sa pamumungkahi.*
>
> *Sapagka't sino-sino,* sila nga, na nakarinig na ng Salita, *na pagkarinig* ng Salita, *ay namungkahi: nguni't hindi baga yaong lahat na nagsialis sa Egipto sa pamamagitan ni Moises.*

20 Ngayon, diyan nga, kaninang umaga, nakita nating sinabi Niya, "Huwag ninyo ngayong papagmatigasin ang inyong puso, na gaya ng sa mga araw ng pamumungkahi." Iyon ay noong iminungkahi nila ang Diyos sa galit, gayong ibinigay na Niya sa kanila si Moises, na Kanyang propeta, at maging ang isang tanda na kalakip ni Moises. Ilan, sa mga narito ngayong gabi sa pag-aaral, ang nakakaalam kung ano ang tandang iyon? Haliging Apoy, Mga Hebreo 13.

21 Ngayon, hindi natin alam kung nakita ba ng mga taong naroon ang tandang iyon o hindi. Ngunit si Moises nakita niya

Ito, sapagkat nakatagpo na Siya ni Moises sa isang nagniningas na kahoy. Isa Siya noong Apoy. At sumunod ang mga anak ni Israel kay Moises, at nilisan ang Egipto. At pagkalabas na pagkalabas nila ng Egipto, ang Diyos, nakita nga natin, dinala sila sa isang dakong walang matatakasan. Kung saan, nasa likuran nila ang sandatahan ng Faraon, nasa magkabilang panig naman ang Dagat na Pula, at sinubok nga sila ng Diyos; at nangatakot sila. At iminungkahi nun ang Diyos sa galit. Kanyang sinabi, "Bakit kayo nagsisihibik sa Akin?" Sabi, "Salitain lamang ninyo at sumulong kayo." Gusto ko 'yan.

22 Ngayon, sumusunod-sunod sila kay Moises, habang sinusundan naman ni Moises ang Haligi at Ulap, at sila nga'y nasa daan na patungo sa lupang pangako. Isang magandang larawan ng Iglesya, ngayong gabi, sa ating paglakad patungo sa Lupang pangako, pinangungunahan ng siya ring Espiritu, siya ring mga tanda at mga kababalaghan na gaya ng sinasalita ng Diyos.

23 Ngayon pansinin n'yo. Pagkatapos nun, nakarating sila sa Ilang ng Kasalanan. Ang—ang mga tubig doon ay "mapait," *Mara*. Bakit sila dinala ng Diyos sa mapapait na tubig? Dapat sana'y sa masasarap na tubig Niya sila dinala. Ngunit sa mapapait na tubig Niya sila dinala upang mapatunayan Niya ang kanilang pananampalataya. Gustong-gusto Niyang gawin ang gayun. Gusto Niyang pahintulatang dumating sa inyo ang mga kahirapan, ipakitang may kakayahan Siyang ipakita sa inyo ang Kanyang pag-ibig at ang Kanyang kapangyarihan. Paano kaya natitiis ng mga tao, sa panahon ngayon, na hindi naniniwala sa paggawa ng himala ng Diyos, kapag dumarating na ang mga kahirapan, basta-basta na lang sila sumusuko at bahala na raw? Subalit naniniwala tayong "gumagawa ng mga himala ang Diyos." Hindi Siya puwedeng . . . gagawin kasi talaga 'yan ng Diyos . . .

24 Pakinggan n'yo ito. Kung hindi kikilos ang Diyos na gaya noon, sa panahong kinakailangan uli, kung gayo'y masasabing ang Diyos ay may kinikilingan sa Kanyang mga tao. Itinutulot ng kapangyarihan ng Diyos na gumawa Siya sa bawat pagkakataon na gaya ng ginawa Niya sa unang pagkakataon, dahil kung hindi ay nagkamali Siya noong gumawa Siya sa unang pagkakataon. Kung hindi kikilos ang Diyos sa siya ring paraan ng pagkilos Niya sa unang pagkakataon, kung kikilos Siya nang iba sa ikalawang pagkakataon, kung gayo'y mali ang naging pagkilos Niya noong kumilos Siya sa unang pagkakataon. Kung pinagaling ng Diyos ang mga maysakit sa Lumang Tipan, kinakailangan Niyang gawin iyon sa Bagong Tipan at sa panahon ngayon, kundi ay nagkamali Siya noong pinagaling Niya sila noon dun. Kinakailangan Niyang kumilos na gaya noon, sa lahat ng pagkakataon. At gagawin Niya nga iyon, kapag narating na ng gayunding pananampalataya ang hustong

kalagayan. Ang kakulangan ay nasa atin, wala sa Diyos. Hayan nga't kitang-kita natin Siya sa ilan, at marami na ngang beses, na nagpapamalas ng mga napakadakilang himala. Alam natin ito. Hindi puwedeng sabihin ng kritiko, "Walang ganyan." Sapagkat nasaksihan na nga nating pinatunayan Nito ang gayung bagay, at hayan na nga ito.

25 Sinasabi nila dati, "Pakitaan mo nga ako ng himala." Hindi na nila masabi pa 'yan. Hindi na 'yan masasabi ng siyensiya. Kayang-kaya nating patunayan 'yan sa daigdig ng siyensiya. At nasaksihan na nga ng daigdig ng siyensiya na isang sobrenatural na Bagay, sa anyo ng isang Haliging Apoy, ang kasama natin. Narito ang Kanyang litrato, hayan mismo, at nakasabit ang isa n'yan sa Washington D.C., sa gabing ito. Iyan nga ang siya ring Cristo.

26 Kaya nga noon, matagal-tagal ding, sinasabi sa akin noon ng mga kapatiran kong nasa pagmi-ministeryo, "Oh, Kapatid na Branham, ang diyablo 'yan. Huwag kang basta-basta paloloko riyan." Natakot tuloy ako.

27 At hindi ko nga ipinangaral 'yun hanggang sa dumating ang Diyos at ipinahayag 'yun, na, "Siya ang siya ring Jesus, ang siyang Iyon." Oh, subukan n'yo ngang ligligin ito paalis sa akin? Hindi n'yo magagawa. Sapagkat, ito ang Kasulatan. Ito ang Salita ng Diyos. Hindi lang ito basta-basta karanasan. Isa itong karanasang pinatototohanan ng Salita ng Diyos at ng pinagpalang Walang Hanggang pangako ng Diyos.

28 Ngayon, napansin nga natin, sa dako rito, sinabi Niya.

> *Sapagka't sino-sino, na pagkarinig, ay namungkahi:. . .*

Ganoon na nga. Nanlupaypay sila, sa tuwing sumasapit sila sa isang lugar kung saan nahaharap sila sa isang pagtutuos. Pagkatapos ay anong ginagawa nila? Basta na lang sila kikilos nang di na pinag-iisipan, at manlulupaypay, at gusto na raw nilang bumalik, at, "Bakit pa kasi nangyari *ito* sa akin?"

29 Nakapagtataka nga, kaninang umaga, pagkatapos kong ipangaral ito nang buong sigasig sa abot ng makakaya ko, maraming lumapit sa altar at pinag-alinlanganan Ito, "Bakit nangyayari ito sa akin?" Nakita n'yo na kung hanggang saan Ito umaabot? Lampas-lampasan lang Ito sa uluhan ng mga tao. Ganyang-ganyan, 'yung mga tao noon.

30 Sinabi nga ni Jesus, "Mayroon kayong mga mata, hindi baga kayo nangakakakakita." Sinabi Niya 'yan sa mga alagad.

31 Sabi nila, "Narito, ngayo'y nagsasalita Kang malinaw. Ngayon nagsisisampalataya na kami. Walang sinuman ang kailangang magsabi sa Iyo ng anuman, 'pagkat ipinakikita ito sa Iyo ng Diyos."

32 Sabi Niya, "Ngayon baga'y nagsisisampalataya na kayo, pagkatapos ng lahat ng mga panahong lumipas?" Kita n'yo?

33 Hindi n'yo dapat pag-alinlanganan ang anuman, sa Diyos. "Sapagkat ang lakad ng matuwid ay itinatag ng Panginoon." At inilalagay sa inyo ang bawat pagsubok, upang subukin kayo. At sinabi ng Biblia, "Sila'y mas may halaga sa iyo kaysa ginto." Kaya sa tuwing pahihintulutan ng Diyos ang ilang magagaang kahirapan na mangyari sa iyo, tandaan mo, ito'y para sa ikatutuwid mo. "Bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kinakailangan munang maituwid ng Diyos, at masubok, masanay na sa pagkabata." Walang hindi kasali. "Bawat anak na lumalapit." At ang mga kahirapang ito ay nagaganap, pinapangyari, upang makita kung ano ang ikikilos n'yo. Kita n'yo? Ang Diyos ito, sa dakong ito ng pagsubok. Yan nga ang dahilan nitong lupa, upang maging dako ng pagsubok, at dito nga Niya kayo pinagsisikapang maging subok.

34 Ngayon pakinggan n'yo ito, habang nagpapatuloy tayo. At nais kong matalakay ang huling bahagi nito.

> *At sa kani-kanino* isinumpa niyang *hindi makapapasok sa kaniyang kapahingahan,* . . .

Ngayon, diyan nga tayo tutumbok, ngayong gabi.

> *. . . sa kaniyang kapahingahan, kundi yaong mga nagsisuway?*
>
> *At nakikita natin na sila'y hindi nangakapasok . . . dahil sa kawalan ng pananampalataya.*

35 Ngayon, ano nga ba ang kasalanan? Kawalan ng pananampalataya. Dumating sa kanila ang Diyos, sa isang Haliging Apoy; isinugo ang kanyang propeta, at pinahiran siya, pinagkalooban siya ng mga tanda na maipapamalas niya sa harapan ng bayan. At pagkatapos ang Haliging Apoy, sa pamamagitan ng propeta, inilabas sila. Bawat pagkakataon na lang na sapitin nila, magbubulung-bulungan sila agad at puro puna na lang sa bawat kaunting pagkakamaling masumpungan nila kay Moises, panunumbat agad ang bungad at kung anu-anong sinasabi laban sa kanya. At di nasiyahan ang Diyos, hayan nga't sinabi Niya, "Sila ay nagkakasala."

36 Nakinig dapat sila. Subalit, sa halip na ganun, nakinig sila sa pangangatuwiran, "Papaano mangyayari ito? Papaano mangyayari ang mga bagay na ito?" Kung Diyos Siya, lahat ng bagay ay posible. At Kanyang papaglalakip-lakipin ang lahat ng mga bagay na gumawa sa ikabubuti nila na nagsisiibig sa Kanya.

37 Ngayon patungo na tayo sa isang napakainam na pag-aaral dito, ito ngang, tungkol sa "Kapahingahan," ang *sabbath*. Ngayon, mga manlalakbay sila na nasa kanilang paglalakbay. Kita n'yo? Naglagi sila sa Egipto, nang apatnaraang taon, at

noo'y nasa pagkaalipin. At ngayon inilalabas na sila roon sa pamamagitan ng mga himala ng Diyos, sang-ayon sa Kanyang pangako. At nasa daan na sila patungong lupang pangako. At nagpakita nga roon ang isang sobrenatural na Liwanag, sa kalagitnaan nila, at nagsimulang manguna sa kanila.

38 Ngayon, may magsasabi roon, "Ngayon, tingnan n'yo nga naman, sino ba itong Moises na ito? Sino ang naglagay sa iyo para maging pinuno namin? Hindi ba't isa ka rin naman sa amin? Sinong naglagay sa iyo riyan upang maging sunud-sunuran kami? Sa palagay mo ba mas marami ka pang alam kaysa sa pastor namin? Sa palagay mo ba mas marami ka pang alam kaysa roon sa pari? Sa palagay mo ba mas—mas matalino ka pa kaysa roon sa mga kalalakihan ng relihiyon namin, nang panahong ito?" Samantalang wala namang kinalaman ang mga 'yan dito.

Ang Diyos iyon, sa Haliging Apoy, na pinatototohanang Siya ang kumikilos. Hindi mahalaga kung sino ang matalino at kung sino naman ang hindi. Tinitingnan kung susunod sila sa kung sino ang ilagay ng Diyos sa harapan nila.

39 Aba, si Moises, kung titingnan n'yo nga naman, para bang kahangalan noong ilabas niya ang mga anak sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, dalhin ang isang grupo ng mga tao palabas doon sa ilang. Gayong puwede namang . . . Aba, siya ang tagapagmana ng lahat ng mayroon sila noon. Kahit sino pang sandatahang naroon, saanmang panig ng mundo, ay kanyang dinadaig. At hayan nga siya, isang kinikilalang heneral ng hukbo. At pagkatapos n'yan, nakatalaga na siyang maging hari, Faraon ng Egipto. Aba, maaari namang maluklok siya roon sa trono, at sabihin na lang, "Sige, mga anak, magsibalik na kayo sa inyong tahanan." Puwede namang ganoon; isa siyang Faraon. Subalit si Moises . . .

40 Oh, heto na po tayo. Si Moises, sa pamamagitan ng *pananampalataya*, kanyang nasumpungan ang pangako ng Diyos. At nung dumating ang Anghel ng Panginoon sa kanya, higit pa ang nalaman niya tungkol sa Diyos, sa loob ng limang minuto sa Presensiya ng Anghel na naroon, kaysa sa natutunan niya sa mga guro ng Egipto sa loob ng apatnapung taon. Nalaman niyang Siya nga iyon. Nasaksihan niya ang ginawa ng sobrenatural.

41 Kanyang sinabi, "Ako'y sasaiyo, Moises. Ako'y paroroon sa iyong unahan." At napag-unawa nila. At Kanyang ikinaloob sa kanya ang mga tanda upang ipamalas.

42 Ngayon, nasa daan na sila patungo roon sa lupa ng kapahingahan. Binigyan sila ng Diyos ng kapahingahan, isang dako kung saan hindi na nila kailangan pang . . . may mga tagapangasiwang nagmamando sa kanila, upang pakilusin sila, upang ipagawa sa kanila ang mga bagay-bagay.

43 Isa ngang napakagandang larawan nito ngayon, na sa tuwing pagmamasdan natin ang Iglesya at nakikita ang Iglesya sa kalagayan nito, ang bawat taong naipanganak na ng Espiritu ng Diyos ay namumuhi sa sanlibutan. "At kung iniibig ninyo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa inyo." Ganyan ang sabi ng Biblia. At ang tunay na manlalakbay, na patungo na roon, ay tunay na namumuhi sa mga bagay ng sanlibutan. Ayaw na ayaw niyang makita ang mga kalalakihan na nagsisipaglasingan. Ayaw na ayaw niyang makita ang mga kalalakihan na naninigarilyo. Ayaw na ayaw niyang makita ang mga kababaihang nasa lansangan, suot ang maiikli't malalaswang kasuotan. Ayaw na ayaw niyang makitang nagtitipon ang mga tao para maglaro ng dais at baraha.

44 At kahapon, noong kami ni Kapatid na Tony. . . o ni Kapatid na Wood ay nagdaraan sa lansangan, at may, mailan-ilang kalalakihan doon. . . May isang binibini sa Louisville, na naglalakad doon sa kalye, mga naggagandahang mga dilag, nakasuot ng mahahalay na damit; banda rito sa itaas ng kanyang balakang, may maliit na laso na nakatali sa kanyang balakang, sa magkabilang panig, at 'yung pang-itaas niya ay isang maliit na pabilog na kapirasong tela lang, at natatalian lang ng pisi sa likod. Naglalakad doon sa kalye, napakahalay, at bawat lalaki roon sa kalsada ay napapasulyap sa kanya. Sabi ko, "Hindi niya nalalaman na siya ay pananagutin, sa paningin ng Diyos, ng pangangalunya sa bawat kalalakihang tumingin sa kanya sa gayong paraan. At mananagot nga siya sa araw na iyon ng paghatol sa pangangalunya niya sa mga kalalakihang iyon."

45 Sinabi ni Jesus, "Ang bawat tumingin sa isang babae na taglay ang pagnanasa, ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kanya." Ganun nga.

46 Kaya, hayan na nga, sinabi sa akin ni Kapatid na Wood, "Ano sa tingin mo bakit kaya ganun, Kapatid na Branham?"

47 Sabi ko, "Alinman 'yan sa kakulangan ng tamang pag-iisip o inaalihan ng diyablo." Dalawang bagay lang naman kasi ang magdudulot n'yan. Ang isang disenteng, malinis na babae ay hindi magsusuot ng mga gayong pananamit; maliban na lang kung inaalihan siya ng diyablo. Iyan nga ang Katotohanan.

48 Ngayon, ang isang manlalakbay na naglalakbay na patungong Langit, nabubuhay na siya sa ibang kapaligiran. Hindi mo na kailangang ipag-alala kung nakatingin siya sa babae. Ibabaling niya ang kanyang ulo kung nasa puso niya ang Diyos, sapagkat nabubuhay siya sa isang kapaligiran na milyong milya mula sa mga bagay na gaya nun. Siyanga. Ayaw mong mapanagot sa ganoong bagay, sa paghatol. Kaya naman ibinabaling niya ang kanyang ulo at sasabihin, "Diyos, mahabag Ka po roon sa babae," at di na siya titingin. Tayo'y naglalakbay.

Tayo'y nasa daan patungong Lupain ng Canaan. Patungo na tayo roon sa Walang Hanggan at banal na Kapahingahang ipinagkaloob sa atin ng Diyos. At sa paglalakbay, tayo rin nama'y tinutukso. Tinutukso tayo sa lahat ng uri ng mga bagay, subalit hayaan n'yong tuksuhin kayo nang hindi nagkakasala.

49 Ngayon pansinin, sa pagtungo natin sa ika-4 na kabanata, "Mangatakot nga tayo."

> *Mangatakot nga tayo, yamang, may iniwang pangako ng pagpasok sa kaniyang kapahingahan, . . .*

50 Nais kong alalahanin ninyo, na, malibang malaman natin, malibang ipahayag ito ng Diyos sa atin! Kahit gaano pa tayong kadalas magsimba, wala 'yang anumang kinalaman dito. Kinakailangang dumating ang Diyos sa pamamagitan ng kapahayagan at ipahayag ang Kanyang Sarili sa atin, at sa gayon ay inaalis niyon ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan. "Ngayong, nabanggit na natin ito, 'Ngayon kung inyong . . .'"

51 Ngayon simulan na natin ang—ang ika-4 na kabanata.

> *Mangatakot nga tayo, yamang, may iniwang pangako* upang makapasok *sa kaniyang kapahingahan, . . .*

52 Ngayon tandaan n'yo, noong nasa daan sila patungo roon sa Kapahingahan, pinangunahan sila ng Haliging Apoy. Ngayon nais nating malaman, "Ano ba ang Kapahingahang ito?"

> *Mangatakot . . . tayo, yamang, may iniwang pangako* upang makapasok *sa kaniyang kapahingahan,* (masdan n'yo,) *baka sakaling sinoman sa inyo ay maging tulad sa di nakaabot niyaon.*

53 Ngayon, narito na ang pangako. Heto nga ang kailangan nating katakutan: kung wala nang pangakong naiwan sa atin. Subalit mayroon ngang pangako! At pagkatapos, ang kasunod n'yan, huwag n'yong hayaang di kayo makaabot dito.

54 Ngayon, ang dapat nating malaman, kung patungo na tayo roon sa Kapahingahan, ano ba yaong Kapahingahan? Nasaan ba ito? Pakikianib ba ito sa iglesya? Pagbabautismo ba ito sa kung anong paraan? Pagiging miyembro ba ito ng pinakamalaking iglesya sa siyudad? Pagdadamit ba ito ng mas magagarang damit? Ito ba'y edukasyon? Ito ba'y salapi, para tumigil na tayo sa pagtratrabaho at humilata na lang tayo, magpasarap-sarap na lang sa nalalabing araw ng ating buhay, gaya nga ng tawag natin dito? Hindi 'yan 'yun.

55 Pakinggan nga natin kung ano ang sinasabi ng Biblia patungkol dito, at kung paano raw natin makakamtam ito.

> *Mangatakot nga tayo, yamang, may iniwang pangako* upang makapasok *sa kaniyang kapahingahan, baka sakaling sinoman sa inyo ay maging tulad sa di nakaabot niyaon.*

> *Sapagka't tunay na tayo'y* (sa panahon ngang) *pinangaralan* ng *mabubuting balita, gaya rin naman nila:*. . .

Ano ang Mabubuting Balita? Ang ebanghelyo. Dumating ang ebanghelyo sa kanila sa Egipto, sabi, "Nagsugo ang Diyos ng isang tagapagligtas, at ilalabas Niya tayo at dadalhin sa lupang pangako."

56 Ang mabuting balita sa atin ngayon, ay, "Nagsugo ang Diyos ng isang Tagapagligtas, ang Banal na Espiritu, at nasa daan na tayo patungo sa Lupang pangako." Ngayon ginawang kredo at mga denominasyon ito ng mga tao, subalit nananatili pa rin ang Diyos, na, ang *Kapahingahan* natin ay "ang Espiritu Santo."

57 Pansinin.

> . . .*pinangaralan* ng *mabubuting balita*. . .*sila* gaya rin naman natin*: nguni't hindi nila pinakinabangan ang salitang napakinggan,* ang. . .

Tandaan:

> . . .*hindi nila pinakinabangan ang salitang napakinggan, dahil sa walang kalakip na pananampalataya ang nangakarinig.*

58 Oh, mga kapatid ko, hayaan n'yong huminto muna ako rito pansumandali. Kahit makailang daming beses pang ipangaral ang Salita, gaano man n'yo kagusto ang pagkapangaral Nito; kung kayo mismo ay hindi kabahagi Nito, wala itong katiting mang maidudulot sa inyo.

> . . .*dahil sa walang kalakip na pananampalataya* ang *nangakarinig.*

59 Nasaksihan nga nila ang mga himala ni Moises. Sabi nila, "Napakainam nun." At nagsilapit pa sila. Nakita, pa nilang nagpamalas siya ng mga tanda. At nakita nila ang Haliging Apoy, marahil, o narinig nilang pinag-uusapan ang tungkol Doon. "Oh, ayos naman 'yun."

60 Ngunit hindi ito nalakipan ng personal na pananampalataya. Hayan nga't pagkarating nila sa ilang, sila'y (bawat isa) nagsipagbulung-bulungan. At sinabi ng Diyos, "Sapagkat sila'y nag-alinlangan, iyon ay kasalanan." Huwag ninyong pag-alinlanganan ang anuman. Manampalataya kayo. Huwag mag-alinlangan, kahit gaano pa kahirap ang lagay, sampalatayanan ninyo Ito.

61 Ngayon nagsipagbulung-bulungan sila, at ibinagsak tuloy sila ng Diyos. At pagkatapos nanumpa Siya, sa Kanyang galit, na, "Hindi sila makapapasok sa Kanyang Kapahingahan." At sinabi rito ng Biblia, sa paniwala ko Ito'y nasa—nasa ika-3 kabanata, sabi, "Ang kanilang mga katawan ay nangabuwal sa ilang."

62 Sa ika-3 kabanata dito sa ika-17 talata.

> *At sino-sino ang kinagalitan* niya sa loob ng *apat na pung taon? hindi baga yaong nangagkasala, na ang kanilang mga katawan ay nangabuwal sa ilang*?

63 At sa lahat ng lumabas ng Egipto, dalawa lang ang nakapasok sa lupang pangako. Sa buong mundong winasak ng malaking baha, nang sinaunang panahon, walong kaluluwa lamang ang naligtas, sa bilyun-bilyong naroon. "Makipot ang pintuan at makitid ang daan, at anupa't kakaunti lamang ang nangakakasumpong noon."

64 Sasabihin ng ilan, "Kung gayon, Kapatid na Branham, papaano naman itong libu-libong sinasabi ng Bibliang haharap doon?"

Alalahanin n'yo kung gaanong karami ang nangamatay sa bawat salinlahi, na naging mga Cristiano, sa pagdaan ng mga panahon. Silang lahat ay mangabubuhay na mag-uli. Sila ang bumubuo sa Katawan. Iniisip n'yo marahil na sandaang bilyon agad sa Amerika, ang babangon, o mas marami pa, sa sanlibutang ito sa panahon ngayon. Maaaring wala pa ngang limampu ang babangon. Subalit ang dakilang tinubos na Iglesya ay nakahimlay lang sa alabok, naghihintay. Sila ang mga batong-hiyas ng Diyos na nahihimlay sa alabok. Gayunpaman ang mga kaluluwa nila ay nasa ilalim ng dambana ng Diyos. Wala pa sila sa kanilang tamang kalagayan. Sila'y nasa isang katawan, tunay nga, ngunit isang theophany. At humihibik sila sa Diyos, "Gaano pang katagal?" Nakikita nila ang isa't isa, subalit hindi nila makamayan ang isa't isa, sa ganoong uri ng katawan.

65 Kung makakatagpo mo na ang iyong ina sa Kaluwalhatian ngayong gabi, kung oras mo nang yumaon, hindi mo siya makakamayan dahil wala siyang ganoong uri ng kamay. Hindi mo iyon mararamdaman gaya ng nararamdaman mo ngayon. Sapagkat, limang pandama ang inilagay sa katawang ito, na puwede nitong paganahin. Ang presensiya niya ay madarama sa ibang kalagayan.

66 Gaya na lang sa mag-asawang lalaki't babae. Walang pag-aasawa, o ikinakasal, sa Langit. Bakit? Sapagkat may iba nang uri ng pag-ibig doon. Wala na roong pagnanasang seksuwal. Ang lahat ng mga bagay na iyon ay lumipas na. Nilinis na kayo at pinadalisay na.

Subalit hindi pa kayo nabuhay sa ganoong kalagayan, samakatuwid hindi nga kayo nilikha sa ganoong kalagayan. Naghihintay pa kayo. Hayan nga't inaasam n'yong makabalik kung saan nilalang kayong isang lalaki at isang babae, at sa ganyan ay ibabangon ng Diyos ang katawang iyan mula sa alabok ng lupa at luluwalhatiin ito. Tapos ay makakakita,

makakalasa, makakadama, makakaamoy at makakarinig, at magagawa n'yo nang makisalamuha. Hindi nga natin malalaman kahit kailan . . .

Hindi nga natin matatamasa kahit kailan ang buhay ng isang Anghel. Hindi naman kasi tayo nilikhang mga Anghel. Lumikha ang Diyos ng mga Anghel. Subalit nilikha ka Niya at ako, na mga lalaki't mga babae. Iyon ang magiging kalagayan natin, magpakailanman, sa Kanyang pinagpalang Pagparito.

67 Ngayon, tingnan n'yo kung paano sila di nakaabot, dahil sa nagkasala sila at hindi nakaabot sa kaluwalhatian. Ipinakita ng Diyos sa kanila ang Haliging Apoy. Kanyang ipinakita sa kanila ang mga tanda at mga kababalaghan. Kanyang pinangunahan sila sa paglabas. Kanyang dinala sila sa tukso, upang subukin at patunayan silang karapat-dapat.

68 Ngayon, hindi ba't nakaranas na kayo ng maraming tukso? Huwag kayong dumaing dahil sa mga ito. Magalak kayo. Ang Diyos ay sumasainyo. Sinusubukan Niyang patunayan ang inyong pananampalataya. Tingnan n'yo si Job sa Lumang Tipan, noong Kanyang sinabi, "Iyo bang pinansin ang Aking lingkod na si Job, isang matuwid, isang sakdal na lalaki? Walang gaya niya sa lupa."

69 "Oh," sabi nitong kausap, "kasi naman, kinubli Mo siya: tuloy walang anumang suliranin, walang anumang alalahanin. Wala siyang problema sa pera, maayos lahat. Wala siyang kahit anong karamdaman, pasakit man. Ibigay Mo siya sa akin. At gagawin kong itakuwil ka Niya, nang mukhaan.

70 Kanyang sinabi, "Nasa mga kamay mo na siya, subalit huwag na huwag mong kukunin ang kanyang buhay."

71 Oh! Ginawa nga nitong lahat maliban sa kunin ang buhay niya, subalit ni hindi man lang nito natinag si Job. Alam ni Job na nakatayo siyang matatag sa Salita. Siyanga. At hindi siya kayang matinag ng lahat ng diyablo sa impiyerno, sapagkat alam niyang inihandog niya ang handog na iyon. Matuwid siya. At pinaratangan pa rin nila siya, sabi, "Nagkasala ka, Job, at pinarurusahan ka ng Diyos." Alam niyang sa Diyos ay hindi . . . na hindi siya nagkasala sa harapan ng Diyos. Alam niyang siya'y matuwid. Hindi dahil mabuti siyang tao, kundi dahil Kanyang tinatanggap ang sinunog niyang haing hahalili sa kanya.

72 At, ngayong gabi, alam nating pinatunayan ng buhay niya na matuwid siya. At sa tuwing kayo . . . Hindi nga 'yan dahil sa lagi mong tinutulungan ang kapitbahay mo kaya makararating ka sa tahanan sa Kaluwalhatian; mainam naman 'yan. Hindi nga 'yan dahil nakianib kayo sa iglesya; mainam naman 'yan. Makararating po kayo sa tahanan sa Kaluwalhatian dahil tanggap ninyo ang katuwiran ni Jesus Cristo, hindi nga dahil sa anumang ginawa n'yo sa ganang inyo.

73 Ngayon, sa pagpapatuloy natin sa pagbasa.

> *Sapagka't tunay na tayo'y pinangaralan ng mabubuting balita,*. . .(ika-2 talata). . .gaya *rin naman nila: nguni't hindi nila pinakinabangan ang salitang napakinggan, dahil sa walang kalakip na pananampalataya ang nangakarinig.*

Wala sa kanila na mga nakarinig ng Salita ang pananampalataya.

74 Isipin n'yo na lang, sa panahong ito, sa munting, hamak na ministeryong ipinagkaloob sa akin ng Panginoon, may apatnapung milyong Amerikano na dapat ligtas, sa gabing ito. Pero alam n'yo ang sinasabi nila? "Aba, pagbabasa lang 'yan ng iniisip. Nagbabasa siya ng isip. Walang kuwenta 'yan! Aba, hindi nga siya kasapi sa aming iglesya." Kita n'yo na? Hindi nga. . . kahit makailang beses mo pang ilatag ito sa Salita at patunayan na ito ang Salita ng Diyos, na pangako nga ito ng Diyos, gaano pang karaming siyensiya ang magpatunay na totoo Ito, hindi pa rin nila kayang makasampalataya. Sinabi ng Biblia na hindi nila magawang sampalatayanan.

75 Sabi, "Kung ganoon aba'y para saan pa ang pangangaral Nito?" Kinakailangan kasing magkaroon ang Diyos ng saksi, upang sila'y mahatulan, sa Araw na 'yun. Hayan nga't naipangaral na ang Salita at napatunayan pa sa kalagitnaan nila, pero sa kamangmangan nila'y nilayuan nila. Wala na ngang natitira pa kundi kahatulan. Hindi magagawa ng Diyos na makahatol—na makahatol nang matuwid sa isang bansa maliban na magkaroon muna ng habag bago ang paghatol. Diyos Siya. Hindi lang Siya basta hahatol.

76 Ngayon anong masasabi natin?

> *Sapagka't tayong. . .nagsisipanampalataya* rin naman ay nagsipasok na *sa kapahingahang yaon; gaya ng sinabi niya, Gaya ng aking isinumpa sa aking kagalitan, sila'y hindi magsisipasok sa aking kapahingahan: bagama't ang mga gawa* ay *nangatapos mula nang itatag ang sanglibutan.*
>
> *Sapagka't sa isang dako ay sinabi niya ang ganito* tungkol sa—tungkol sa *ikapitong araw,*. . .

77 Ngayon, ayaw kong makasakit ng damdamin ng mga tao, hinggil sa kanilang relihiyon. Hindi 'yan ang layunin ko. Doon sa labas, ang ipinangangaral ko ay 'yung gaya ng lagi n'yo nang naririnig, na dakilang pang-ebanghelyong, unang simulain na mga doktrina. Ngunit dito sa tabernakulo, sa piling ng aking mga anak dito, palagay ko'y nararapat lamang na ipangaral ko kung ano ang sa tingin ko'y Doktrina at Katotohanan. Kita n'yo? Sa palagay ko'y tama lang.

78 Ngayon, libu-libo ang mabubuti kong kaibigang Sabadista, na mga Seventh-day Adventist. Ilan sa mga pinakamalapit kong mga kaibigan, ang ilan sa kanila ay mga Seventh-day Adventist.

Bagaman, sa malaki nilang pagtitipon, doon sa tinawag nilang, ’yung—’yung *Voice of Prophecy*, sila’y mariing laban sa akin. Sinabi nilang ipinahahayag ko raw sa pulpito, at sabi ko raw, “Ako ang Diyos. At ’yung—at ’yung Ilaw na ito na sumusunod ay ang Anghel, at ako raw ang Diyos. At pumarito raw ako sa mundo upang gumawa ng mga dakilang bagay, upang patunayan sa mga tao na ako ang Diyos.” Ngayon, ’yan ang ipinararatang ng *Voice of Prophecy* tungkol sa akin, doon sa California. At kung sinumang nagsabi nun, alam n’yo, mali-mali ang sinasabi n’ya.

79 Subalit sa katunayan n’yan, hindi tayo nag-iisip ng laban sa iglesyang Seventh-day Adventist o sa anupamang iglesyang Sabadista, kundi ito’y para lang sa kapakanan ng Ebanghelyo. Dadako nga rin tayo, sa ilang sandali, sa Pentecost, ganoon na nga. Opo. Ganoon na nga. Maging sa Baptist, dadako rin tayo riyan at ipakikita na walang tinatangi ang Diyos na anumang denominasyon. Siyanga. Indibiduwal siya kung magtangi. At hindi Siya nakikipag-ugnayan sa anumang denominasyon, hindi Niya ginawa ’yun kailanman at hindi Niya gagawin ’yun kailanman, sang-ayon sa Kanyang Salita. Subalit nakikipag-ugnayan Siya sa mga idibiduwal sa bawat denominasyon. Oo, indibiduwal kung makipag-ugnayan ang Diyos.

80 Ngayon pakinggan n’yo itong maigi, at kung sakaling, sa anumang oras, may maisip kayong katanungan, masasagot ’yan. Ngayon, tulungan nawa tayo ng Panginoon.

81 Ngayon, pakinggan pong maigi, “Sapagkat. . . ” Sa ika-4 na talata.

> *Sapagka’t sa isang dako ay sinabi niya ang ganito tungkol sa ikapitong araw, . . .*

82 Ngayon masdan n’yo. Binabanggit Niya ang tungkol sa sabbath. Ilan po ang nakakaalam sa salitang *s-a-b-b-a-t-h* sa Heb-. . .ang salitang Hebreo na nangangahulugang “k-a-p-a-h-i-n-g-a-h-a-n”? Ilan po ang nakakaalam nun, sa Ingles? Siyanga. Hindi ba’t para bang kakaibang salita ang *sabbath*? Ganun nga po.

83 Hindi ba’t para bang kakaibang salita ang *papaging banal*? Ang *papaging banal* ay Griego. Ang ibig sabihin ng *papaging banal* ay “maging banal.” Sa Hebreo, ang ibig sabihin ay “gawing banal.” Sa Griego, “papaging banal.” Sa Ingles, ang ibig sabihin ay “papaging malinis.”

84 Ang ibig sabihin ng *sabbath* ay “araw ng kapahingahan.” Ganoon nga ang sinaunang sabbath, isa ’yung araw ng kapahingahan. Sa tuwing makikita n’yo ang *kapahingahan*,

"sabbath" ang ibig sabihin nito. Hanapin n'yo ito sa orihinal n'yong manuskrito, kung mangyaring may Bibliang Griego kayo, at tuntunin n'yo nga kung ang salitang. . .Kung may Bibliang Scofield naman kayo, tingnan n'yo lang ang "kapahingahan" sa mga markang mababasa n'yo sa gilid at hayan nga't ituturo n'yan kayo sa *sabbath*. Ang ibig sabihin ng *sabbath* ay "kapahingahan." Sige.

85 Ngayon masdan n'yo.

> *Mangatakot nga tayo, yamang, may iniwang pangako* sa atin upang makapasok *sa kaniyang* sabbath, *kapahingahan, . . .*

86 Ngayon, maraming tao ang nangingilin ng mga araw, gaya ng pagtatakda ng araw ng sabbath na *Sabado*. Ang iba'y itinatakda sa mga diyus-diyosan ang *Linggo*, bilang araw ng pagsamba. At sa biyaya ng Diyos, at sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, sa tulong ng Diyos ngayong gabi, mapatutunayan ko sa inyong kapuwa sila mali. Kapuwa ang sumasamba tuwing Linggo at ang nangingilin ng sabbath. Kapuwa sila lubusang mali alinsunod sa Salita. At sa kabila ng lahat ng 'yan, ang Salita ang kailangan nating sundin, hindi kung ano ang sinasabi ng mga Adventist, ni hindi kung ano ang sinasabi ng mga Protestante, o sinasabi man ng Katoliko. Dapat kung ano ang sinasabi ng Biblia.

87 Ngayon, masdan n'yo.

> *Sapagka't sa isang dako ay sinabi niya ang ganito* tungkol sa *ikapitong araw, . . .*

Ngayon ilalagay natin ang isang bagay *rito*, at tatawagin itong—itong, "Kapahingahan ng Diyos," ang ikapitong araw.

88 Ngayon masdan n'yo. "At ang Diyos. . . " Pakinggan n'yong maigi ang Kasulatan.

> . . .*nagpahinga nang ikapitong araw ang Dios sa lahat ng kaniyang* gawa.

Nagkaroon ng Sabbath ang Diyos, at ang ikapitong araw na 'yun ay isang libong taon ang itinagal, tipo ng Milenyum.

> *Sapagka't sinabi niya. . .ang ganito tungkol sa ikapitong araw, At nagpahinga ang Dios. . .sa lahat ng kaniyang—kaniyang* gawa.

Ang panghalip na panaong, "Lahat ng *Kanyang* mga gawa." Nagpahinga Siya sa ikapitong araw. Ang Diyos iyon.

> *At sa dakong ito* (sa ilalim ng kautusan), *Sila'y hindi magsisipasok sa aking kapahingahan.*

89 Nagpahinga ang Diyos, pisikal na pahinga, dahil nilikha Niya ang kalangitan at lupa nang anim na araw, at sa ikapitong araw ay nagpahinga Siya pagkatapos ng Kanyang mga gawa. Nagpahinga Siya nang isang libong taon. Hayan nga't sinabi ng Biblia, na "Ang isang araw sa lupa ay isang libong taon

sa Langit; ang isang libong taon sa Langit; ay isang araw sa lupa." Ilan ang nakakaalam na sinasabi nga ito ng Kasulatan sa Ikalawang Pedro? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige. "Nagpahinga nang ikapitong araw ang Diyos. At sa isang dako ay sinabi Niya ang ganito."

90 Ngayon pakinggan n'yo itong mabuti.

> *Sapagka't sa isang dako ay sinabi niya ang ganito tungkol sa ikapitong araw, At* nagpahinga *ang Dios . . . sa lahat ng kaniyang mga gawa.*
>
> *At sa dakong ito ay muling sinabi,* (ang kautusan), *Sila'y hindi magsisipasok sa aking kapahingahan.*

Kanyang ibinigay sa mga Hudyo, sa kanilang daan mula sa lupang pangako, o mula Egipto, patungo sa lupang pangako, ang ikapitong araw na sabbath.

91 Ngayon pakinggan n'yo.

> *Kaya't yamang may natitira pang ibang dapat magsipasok doon, at* sa kanila na *mga pinangaralan nang una . . .*

Ang kapahingahan! Ibinigay ng Diyos sa kanila ang kautusan, at ang sabbath ay ang ikaapat na utos.

> *. . . hindi nangapasok dahil sa pagsuway, . . .*

92 Ngayon masdan n'yo. Binabanggit niya rito ang tungkol sa kautusan, kung papaano sila nagsipasok, na hindi nalalakipan ng pananampalataya. Hindi nila ito natupad. Ipinangilin lang nila ang sabbath bilang pag-alaala, na patungo na sila sa isang lupain ng sabbath, upang makamit ang walang hanggang kapahingahan sa lahat ng kanilang mga suliranin at lahat ng kanilang alalahanin, wala nang nagmamando, wala na ang mga gabi ng pagkabalisa. Patungo na sila roon sa lupang pangako ng kapahingahan. Dinadaluyan ito ng gatas at pulot. Naglalakihan ang mga ubas na dalawang tao ang nagpapasan ng isang bungkos ng ubas sa kanilang mga balikat. Oh, isa nga iyong lupain ng banal na kapahingahan! Subalit nabigo silang makamit ito noong nakarating na sila roon, dahil sa pagsuway. Nalihis sila, nang mga apatnapung milya na lamang ang layo mula sa kung saan nila nilisan ang Egipto, patungo sa lupang pangako. Apatnapung taon tuloy silang naglakbay patungo roon, dahil sa kanilang pagsuway. Ibinigay na sa kanila ng Diyos ang kanilang propeta, ipinagkaloob dito ang Kanyang tanda, ibinigay rito ang Haliging Apoy, nagpamalas ng mga tanda't kababalaghan, at nangaral pa sa kanila ng Ebanghelyo. At winalang bahala lang nila, pagkatapos ng mga isda at mga tinapay, at nangabuwal sila sa ilang. "At ang kanilang mga katawan ay nangabuwal sa ilang."

93 Si Jesus, doon sa bukal, sinabi Niya.

Sabi, "Nagsikain ang aming mga magulang ng mana sa ilang, sa loob ng apatnapung taon."

94 Sabi Niya, "AKO ang Tinapay ng Buhay na galing sa Diyos mula sa Langit. AKO ang Tinapay ng Buhay. Hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng Tinapay na iyon. Ibinigay ng Aking Ama ang Tinapay na iyon. At AKO ang Tinapay na galing sa Diyos mula sa Langit. Kung kakainin Ito ng tao, hindi na siya mamamatay." Hayan nga ang kaibhan.

95 Ngayon masdan n'yo. Sinabi nilang Siya . . . "Nagsiinom sila sa Batong nasa ilang, sa loob ng *maraming* taon."

96 Sabi Niya, "AKO ang Batong iyon." Purihin ang Pangalan Niyang Banal! "AKO ang Batong iyon."

Papaano nangyari na Siya ang Batong iyon? Ang Batong iyon ay isang espirituwal na Bato. Nakasunod Ito sa mga anak ni Israel. At may hawak-hawak na tungkod si Moises sa kanyang kamay, na siyang tungkod ng panghatol ng Diyos. At sinabi ng Diyos sa kanya na paluin ang Bato, at pinalo niya ang Bato. At noong ginawa niya, umagos ang tubig mula sa Bato. At si Cristo ang Batong iyon, at ang kahatulan ng kaparusahan ng Diyos sa kasalanan ang lumatay sa Kanya. "Ipinasan sa Kanya ng Diyos ang kasalanan nating lahat," at pinasambulat ng kasalanang 'yun ang Kanyang puso. At mula sa Kanyang puso ay bumuhos ang Espiritu Santo, na gaya ng mga ilog ng tubig, patungo sa isang naghihingalong, lahi na nasa bingit ng kamatayan.

"Ako ang Batong iyon na nasa ilang."

"Aba," sabi nito, "Ibig mo bang sabihin . . . "

97 Sabi Niya, "Si Moises, yaong nagsabi n'yan sa inyo, inasam niyang makita ang Aking araw. At nakita nga niya ang bahagi nito."

98 Sabi nito, "Ngayon, ibig Mo bang sabihin sa amin na mas dakila Ka pa kaysa kay Moises? Na nakita Mo na si Moises? At walong daang taon nang patay si Moises." Sabi, "Ngayon alam na naming mayroon Kang demonyo," sa madaling salita, "baliw. Alam naming nababaliw Ka."

99 Sabi Niya, "Bago pa si Abraham, ay AKO NGA. Ako ANG DAKILANG AKO NGA na nasa nagniningas na kahoy. Ako yaong Apoy na naroon sa nagniningas na kahoy. Ako yaong Anghel na nangunguna sa kanila." At sinabi Niya, "Nagbuhat Ako sa Diyos, at Ako'y paroroon sa Diyos." At nagbuhat Siya sa Diyos, nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin; nagbalik sa siya ring Haliging Apoy na iyon.

At narito nga Siya, ngayong gabi, pagkaraan ng dalawang libong taon, "siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," ginagawa ang siya ring bagay, pinangungunahan ang Kanyang mga pinagpalang anak.

100 At marami ang. . .nagsisilakad ng may pagsuway. Ngayon, sabi niya, "Nagtangi Siya ng isang araw," isang araw nung matapos ng Diyos ang Kanyang gawa. Pagkatapos, "Nagtangi Siya ng 'isa pang araw,' at sa ganito, hindi sila nakinig, hindi sila nagsilapit, silang nangingilin ng mga sabbath, na todo bantay sa pagpapalit ng bagong buwan sa langit at kung anu-ano pa." Doon kayo sinisikap dalhin ng mga kapatid na Adventist.

101 Ngayon magpatuloy na tayo sa pagbasa. Pansinin n'yo.

> *Kaya't yamang may. . .ibang dapat magsipasok doon, at* sila *na mga* pinangaralan nang una *ng mabubuting balita ay hindi nangapasok dahil sa pagsuway.*

102 Ngayon, sa ika-7 talata. Oh, grabe! Masasabi kong, ang Kasulatan ay kinasihan sa batayang matematika. Masasabi kong, ang Kasulatan nga, kahit saang silip, ay kinasihan. Ang matematika ng Biblia ay saktong-sakto.

103 Napansin n'yo na bang ang Estados Unidos ang bilang nito ay labintatlo sa lahat ng ginagawa nito? Alam n'yo bang labintatlong kolonya ito nung matatag? Alam n'yo bang may labintatlong bituwin ang bandila nito nung una? Alam n'yo bang lahat ng ginagawa ng Estados Unidos ay nasa bilang na labintatlo? Alam n'yo bang makikita ito sa Biblia sa Apocalipsis 13? Ganoon nga. Ang munting hayop, ang korderong umahon sa tubig, hindi roon sa lubhang karamihan ng sangkatauhan,. . .hindi mula sa tubig umahon, kundi mula sa lupa kung saan walang kahit sinong naroon. May dalawa itong maliliit na sungay: pang-estado at pansimbahang mga kapangyarihan. At isa siyang kordero: kalayaan ng relihiyon. At pagkatapos, nagkaisa na sila at nagsalita siyang gaya ng dragon, na ipinatutupad ang lahat ng naging kapangyarihang ipinatupad ng Roma bago siya. Mangyayari 'yan sa ating bansa. Pagkatandaan n'yo 'yan. Bantayan n'yo ang pagkakaisa ng Kompederasyon ng mga Iglesya at ng Katoliko, at bantayan n'yo kung ano ang magaganap.

104 Ang mga taong sumusunod sa Haliging Apoy ay talagang mahihirapan, subalit nakahanda na sila sa pag-agaw sa panahong 'yan, siyanga, sadyang nakahanda nang lumisan. "Sapagkat sila'y dinaig ng Cordero," sabi ng Biblia, "at ng mga kasamang sumusunod sa Kanya, sapagkat sila'y tinawag na mga pili at mga matapat, ang mga Hinirang ng Diyos." Hindi na natin palalawigin pa ang propesiyang 'yan ngayon, para makausad na tayo rito.

105 Pakinggan n'yo itong mabuti, sa ika-7 kabanata, ang. . .ang ibig kong sabihin ay sa ika-4 na kabanata, sa ika-7 nitong talata. Ang bilang na pito ay ang bilang ng kakumpletuhan. Ang bilang na tatlo ay ang bilang ng Buhay. Ang bilang na pito ay ang bilang ng kakumpletuhan, at binibigyang daan nito ang kumpletong sabbath.

"At muli," tandaan, nangusap siya, "Ang Diyos," sa ganitong paraan. Pagkatapos ay nangusap siya patungkol sa "kautusan," sa ganitong paraan. At pagkatapos, muli, "Nagtangi Siya ng isang araw," ikatlong araw, ikatlong pagkakataon.

> *Ay muli,* nagtangi *siya ng* araw, *isang araw, na sinabi sa mga awit ni David, Ngayon, pagkatapos ng ilang panahon;. . .Ngayon, pagkatapos ng ilang panahon; ayon sa sinabi na ng una, Ngayon kung marinig ninyo ang kaniyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong* puso. (Masdan.)
>
> *. . .kung ibinigay sa kanila ni Jesus ang kapahingahan* (isang sabbath),*. . .ay hindi na sana niya sasalitain* pagkatapos *ang ibang araw.*

Ang mga dispensasyon ay nabago nung si Jesus Cristo na: mula sa kautusan patungong biyaya, mula sa mga gawa patungong biyaya, mula sa isang bagay na ikaw ang gumawa patungo sa isang bagay na ang Diyos ang gumawa, sa iyong sariling mga kabutihan patungo sa Kanyang mga kabutihan. Nagkaroon ng pagbabago.

106 Doon sa ilang nung lumabas si Moises, dala-dala ang kautusan, sinabi niya, "Huwag kang mangangalunya. Huwag kang magnanakaw. Huwag kang papatay. Ipangilin mo ang araw ng sabbath." Noong pumaroon si Jesus sa ilang. . .Noong pumaroon si Moises, tinukso siya ng diyablo. Noong tinukso siya ng diyablo, nakinig siya roon. May mahinang bahagi si Moises. Ilan ang nakakaalam kung ano iyon? Mainitin ang ulo. At nung makita nga niyang sumasamba sila roon sa gintong guya, inihagis niya ang mga utos at nangasira ang mga iyon, at ipinapakita lang n'yan na masisira ang pagkasaserdote. At binigyan siyang muli nito ng Diyos.

107 Ngunit nang pumaroon si Jesus sa ilang, apatnapung araw ng pag-aayuno, nagutom Siya, ang tanging mahinang bahaging mayroon Siya. At nilapitan Siya ng diyablo at ang sabi, "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, gawin mong tinapay ang mga batong ito. Gumawa ka ng himala rito. Nais kong makitang gawin Mo nga ito, at paniniwalaan Kita."

108 Sinabi ni Jesus, "Nasusulat, 'Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.'" Alam ng diyablong hindi si Moises ang nakatagpo nito roon, sapagkat Kanyang binalingan ang Salita.

109 Dinala Siya sa taluktok, ng templo, sabi, "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, ay magpatihulog Ka." At *binalutan*, hindi binanggit, kundi binalutan ang Kasulatan. Sabi, "Nasusulat, 'Siya'y magbibilin sa mga Anghel, tungkol dito, baka matisod Ka ng Iyong paa sa bato. Kanyang aalalayan Ka.'"

110 At agad na bumaling si Jesus sa Salita at sinaway siya.

111 Dinala Siya sa itaas ng bundok at ipinakita sa Kanya ang Estados Unidos at Alemanya at Switzerland, at lahat ng mga bansa sa daigdig, lahat ng naroon, sabi, "Lahat sila'y sa akin. Ginagawa ko sa kanila ang anumang maibigan ko." Kaya naman pala may mga digmaan tayo at mga kaguluhan. Sabi, "Ginagawa ko sa kanila . . . " Kaya naman pala ganyan na lang ang kasuotan ng mga kababaihan . . . at napapalampas ang ganyan, sa batas. Pinamamamahalaan kasi silang lahat ng diyablo. Iyan ang sabi ng Biblia. Sinabi ni Satanas, "Lahat sila'y sa akin. Ginagawa ko sa kanila ang anumang maibigan ko." Sabi, "Kung sasambahin mo ako, gagawin Kitang hari gaya ko."

112 Sinabi ni Jesus, "Nasusulat, 'Sa Panginoon mong Diyos ka sasamba, at ang iyo lamang paglilingkuran.' Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas."

Bakit? Alam ni Jesus na Siya ang magmamana sa mga ito sa dakilang Milenyum, kapag dumating na ang Kaharian Niya. "Gawin nawa ang Iyong kalooban kung paano sa Langit gayun din naman sa lupa." Wala nang pagsusuot doon ng shorts. Wala nang inuman. Wala nang pagnanasa ng laman. Wala nang pangangalunya. Wala nang kamatayan. Wala nang kapighatian. Siya ang magmamana ng bawat bansa. Kanya ang mga ito. Siyanga. Kanya ang mga ito, at Siya ang magiging tagapagmana. Subalit nakay Satanas ang mga ito ng kaunting panahon, dito nga, sa panahong ating kinabubuhayan.

113 "Subalit nagtangi Siya ng isang araw, na sinasabi, 'Ngayon, pagkatapos ng ilang panahon.' At sabi, 'Huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso.'"

> *Sapagka't kung ibinigay* sana *sa kanila ni Jesus ang kapahingahan, . . . hindi na sana niya* sinalita pagkatapos *ang ibang araw.*

114 Kapatid kong Adventist, tingnan mo nga Yan. Si Pablo rito, ang sabi. At sinabi nga ni Pablo, sa Mga Taga Galacia 1:8, kung inililista n'yo ang mga kasulatan, Mga Taga Galacia 1:8, "Kung ang isang Anghel na mula sa Langit ay dumating at mangaral ng anumang ebanghelyo na iba Rito sa ipinangangaral ko, ay matakuwil." Sinabi ni Pablo, "Kung ibinigay sana sa kanila ni Jesus ang isang araw ng Kapahingahan . . . "

115 Masdan n'yo, noong bumaba Siya ng bundok. Nakababa na nga Siya noon. Dinaig na Niya ang Diyablo. Siya ay pinahiran, nakahanda na para sa Kanyang pagmi-ministeryo. Sabi Niya, "Narinig ninyong sinabi nila, sila nang unang panahon, 'Huwag kang papatay,' datapuwat sinasabi ko sa inyo na ang bawat mapoot sa kanyang kapatid, nang walang dahilan, ay pumatay na. Narinig ninyong sinabi nila, sila nang unang panahon," sa panahong ito, ang mga nangingilin ng sabbath. "Narinig ninyong sinabi nila, noong unang panahon, sa ilalim ng kautusan, 'Huwag kang mangangalunya; 'yun bang nasa akto,

upang mapanagot.' Datapuwat sinasabi Ko sa inyo, na ang bawat tumingin sa isang babae na taglay ang pagnanasa ay nagkasala na ng pangangalunya sa kanyang puso." Iba nga! Nilampasan pa n'yan ang ikaapat na utos. Subalit ibinigay ba Niya sa kanila ang Kapahingahan?

116 Tingnan natin ang sinabi niya. "Sinabi ni David, 'Pagkatapos ng ilang panahon,' may darating na isang sakdal na Kapahingahan." Nagpahinga ang Diyos sa Kanyang mga gawa, sa ikapitong araw. Pinagpala ng Diyos ang araw ng sabbath, at ibinigay ito sa mga Hudyo sa ilang, sa ganito ngang paraan. Sila'y nagsipasok . . . nang may pagsuway, hayan nga't ang Salita ay hindi nilakipan ng pananampalataya. "At muli, Siya ay nagtangi ng isang araw, na sinasabi kay David, 'Pagkatapos ng ilang panahon.'"

Daan-daang taon ang lumipas matapos mamatay ni David, lilitaw ang Anak ni David, na si Jesus, "At kung marinig nila ang Aking Tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso." Ang Diyos ay mangungusap sa puso.

117 Ngayon masdan n'yo, sa ika-9 na talata na ngayon, para sa mga sumusunod sa pagbabasa. "Ibinigay sana ni Jesus sa kanila ang kapahingahan," sa ika-8 talata, "Hindi na sana Niya . . . sasalitain ang ibang araw."

118 Kung magkakaroon man ng sabbath, kung magkakaroon man ng pangingilin ng Linggo, kung gayon sinabi na sana Niya ito. Kung gusto Niyang sabihin, "Wala nang sabbath ngayon, wala nang pangingilin ng ikapitong araw, ang gusto kong ipangilin n'yo ay Linggo," sinabi na sana Niya ito. Sinabi nga ni Pablo na sinabi sana Niya. Kanyang sinabi sana, "Sasamba kayong lahat ng Linggo. Iyon ang magiging kapahingahan." Buweno, kung ginusto niyang ipangilin nila ang sabbath, sinabi na sana Niya, "Ipangilin n'yo nga ang ikapitong araw. Pero ngayon nais kong ipangilin n'yo naman ang Linggo, ang ikawalong araw." Hindi. Hindi niya 'yun sinabi.

119 Sabi niya, "Kung ibinigay sa kanila ni Jesus ang isang araw, hindi ba Niya sasalitain ito?"

120 Ngayon sa ika-9 na talata. Humanda na po.

> *May natitira pa ngang isang pamamahingang sabbath ukol sa bayan ng Dios,* isang pangingilin ng sabbath *ukol sa bayan ng Dios.*
>
> *Sapagka't ang pumasok sa kaniyang* (kay Cristong) *kapahingahan, ay nagpahinga naman sa kaniyang mga gawa, gaya ng Dios sa kaniyang mga gawa,* sa sabbath.

121 Nakita n'yo? Ngayon tumalakay tayo ng ilang Kasulatan at pagtibayin ito. Sige. Noong nilikha ng Diyos ang sanlibutan nang anim na araw, nagpahinga Siya sa ikapitong araw, at hindi na nagtrabaho pa. Purihin ang Pangalan ng Panginoon.

Itinatag Niya ang sanlibutan, inilagay ang mga nilikha rito, at nagpahinga na; at hindi na bumalik pang muli, para magtatag ng iba pang sanlibutan. Tinapos Niya ang mga gawa, at nagpahinga. Ngayon, sa . . . Pagkatapos, makaraan nitong isang libong taon, pumasok na ang kasalanan; pagkatapos si Cristo ay ipinakilala, ang Cordero ay ipinakilala. Ngayon, ibinigay ito sa mga Hudyo bilang tipo ng ikapitong araw na Kapahingahan.

> Ngayon, nagtangi *siya ng* isa pang *araw, na sinabi sa mga awit ni David, . . . pagkatapos ng ilang panahon, ay may* darating na isa pang kapahingahan.

122 Ngayon ano ang Kapahingahang 'yan? Makibuklat po kayo sa akin sa Mateo, sa ika-11 kabanata, at sa huling bahagi ng ika-11 kabanata ng San Mateo. Nariyan nga 'yung noong tinapos ni Jesus ang Kanyang pangangaral sa bundok, at makikita n'yo ang sinabi Niya.

123 Sinabi Niya, "Ang bawat tumingin sa isang babae, na taglay ang pagnanasa, ay nagkasala na ng pangangalunya sa kanyang puso. Ang bawat mapoot sa kanyang kapatid, na walang dahilan, ay pinatay na ang kanyang kapatid." At marami pang nabanggit, pero hindi Niya nabanggit ang ikaapat na utos, yaong sabbath.

124 Ngayon papatapos na Siya. At ang Sabbath ang dakilang Pangako ng Diyos. Isa itong Kapahingahan. Ngayon, ngayon masdan n'yo rito, noong matapos na Niyang sambitin ang mga Banal Na Pagpapala. Sinasabi Niya rito, sa ika-27 talata ng ika-11 kabanata ng San Mateo. Dito nga, kung saan itinuturo Niya ang mga Banal Na Pagpapala sa ika-5 kabanata.

> *Ang lahat ng mga bagay ay ibinigay sa* aking kamay, *sa akin ng aking Ama: at sinoma'y hindi nakakakilala sa Anak, kundi ang Ama; . . .*

Kita n'yo, hindi n'yo makikilala ang isa nang hindi n'yo nakikilala ang isa pa, 'pagkat siya ang Ama na nahayag sa laman.

> *. . . at sinoma'y hindi nakakakilala sa Ama, kundi ang Anak, . . .*

125 Siguro nama'y malinaw na Yan sa mga tao at hindi na pangangatuwiranan pa. Tunay nga. Ang Diyos ay hindi tatlong Tao. Kung Siya ay tatlong Diyos, kung gayon mga pagano ang labas natin n'yan. Sino roon ang Diyos? Silang, tatlo, isang Diyos, tatlong katungkulan ng iisang Diyos. Siya ang Ama, sa anyo ng Espiritu Santo, sa Haliging Apoy na iyon sa ilang. Siya ang Anak, noong ginamit Niya ang katungkulan ng pagiging Anak. "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; Ako'y aalis. Babalik Akong muli at makakasama ninyo, sumasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Kita n'yo? Siya ang pagiging-Ama, ang pagiging-Anak, at ang Banal na Espiritu, rin. Itong lahat ang siya rin mismong Diyos na

gumagawa sa tatlong magkakaibang katungkulan: pagiging-Ama, pagiging-Anak, Espiritu Santo. Hindi kailanman . . .

Sabi sa Unang Juan 5:7, "May tatlong nagpapatotoo sa Langit: Ama, Anak, Espiritu Santo. Ang tatlong ito ay Isa."

126 Sabi ni Tomas sa Kanya, "Panginoon, ipakita Mo sa amin ang Ama." Ito'y sukat na.

127 Sabi Niya, "Matagal na ninyo akong kasama, at hindi ninyo Ako nakikilala?" Sabi, "Kapag nakita n'yo Ako, nakita na ninyo ang Ama. At bakit mo sinasabi, 'Ipakita Mo sa amin ang Ama'?"

128 Ngayon, kinuha nga 'yan ng Oneness, ng grupo ng mga oneness, at ang ginagawa nga nila'y ang Ama, Anak, at Espiritu Santo, ay isang katungkulan lamang at iisang lugar, at gaya nga ng daliri n'yo, isa. Mali 'yun. Hindi magagawa ng Diyos . . . Hindi maaaring maging ama ni Jesus ang sarili Niya. Kung Siya nga, kung gayon Siya ay isang . . . Buweno, papaano nga naman magiging ama Niya ang Kanyang sarili?

129 At kung isang tao ang Diyos, na nakahiwalay sa Banal na Espiritu, ay may dalawa sana Siyang ama. Sapagkat sinabi ng Biblia, na, "Nilukuban ng Banal na Espiritu si Maria at siya ay nagdalantao." At sabi ng Biblia, sa Mateo 1:18, na, "yaong bagay na dinadala niya ay sa Banal na Espiritu." Kung gayon sino riyan ang Kanyang ama, ang Espiritu Santo o ang Diyos? Pareho, iisang Espiritu, o di sana'y ilehitimo ang Kanyang kapanganakan sa pamamagitan ng dalawang espiritu.

Dogma 'yan ng Katoliko, at hindi 'yan kailanman isang katuruan ng Biblia. Dala-dala ito ni Martin Luther, kasama ng kayrami pang Katolisismong nasa iglesyang Lutheran. Minana ito ni Wesley. At nagpapatuloy pa rin ito, ngunit isa itong pagkakamali. Hindi ito ang Katotohanan. Hindi kailanman ito, hindi kailanman ito naging Doktrina ng Biblia. Hindi kailanman ito naging utos sa Biblia, 'yan ngang ituro na tatlo ang Diyos.

May isang Diyos. Sinabi ni Jesus, "Pakinggan mo, O Israel, Ako ang Panginoon ninyong Diyos, isang Diyos," hindi tatlong Diyos.

130 Sa Aprika, nagbabautismo sila nang isang beses para sa Ama, isang beses para sa Anak, at isang beses para sa Espiritu Santo. Kaya naman ang pobreng Hudyo, sasabihin tuloy, "Alin sa kanila ang inyong Diyos? Alin diyan, ang Ama ba, Anak ba, o Espiritu Santo ba?" Silang, tatlo, ay Isa. Sinabi nga ng Biblia na Iisa sila.

131 Si Jesus ay isang bahay na tinirhan ng Diyos. Sinabi ng Biblia iyon sa—sa, Unang Timoteo 3:16, "Walang *pagtatalo*," (ibig sabihin, "pangangatuwiran") dakila ang hiwaga ng kabanalan. Sapagkat ang Diyos ay nahayag sa laman, nakita ng mga Anghel, tinanggap sa . . . ipinangaral, sinampalatayanan, at tinanggap sa Kaluwalhatian." Yan nga ang Diyos. Sinabi

ng Biblia, "Ang Pangalang itatawag sa Kanya ay *Emmanuel*, na kung liliwanagin, ay 'sumasa atin ang Diyos.'" Sinabi nga ng Biblia, na, "Si Jesus, sa Kanya'y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman."

132 Gaya ng tinalakay natin dito noong isang gabi: ang Diyos, sa pasimula, ay Espiritu. At pagkatapos, mula sa Diyos, ay lumabas ang Logos, o ang theophany, na anyo ng isang tao, na ang tawag ay Anak ng Diyos, na naroon na noong una. Pumarito Siya sa lupa, sa isang katawang laman, bago pa man Siya dumating na si Jesus Cristo. Ngayon paniwalaan n'yong mainam 'yan, kapatid. Patutunayan ko ito sa inyo.

133 Noong, noong makita Siya ni Moises. Sinabi niya, "Ipahintulot mong makita ko ang Iyong anyo, Panginoon." At ikinubli siya ng Diyos sa bato. At noong dumaan Siya, sabi nito, "Iyon ay likod ng isang tao." Yaong Theophany 'yun. Ganoon na nga mismo.

Pagkatapos, kinailangang magkatawang-tao ng Theophany na iyon. Hindi panibagong Persona, kundi kinakailangang ang siya ring Persona ang magkatawang-tao, upang kunin ang tibo mula sa kamatayan.

Tulad ng isang bubuyog kapag nanibo ito, naiiwan nito 'yung panibo. At hindi nito naiwan yaong . . . Maitutusok niya ang tibo sa katawan ng tao dahil ito'y kasalanan. Ngunit, kapatid, noong tinusok nito yaong laman ni Emmanuel, nawala ang kanyang tibo. Siyanga, po. Makabubulong-bulong ito ngunit wala na siyang tibo.

134 Kaya naman, si Pablo, noong kanilang pupugutan na siya, ang sabi, "O kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Makabubulong-bulong ka at makakahugong-hugong hangga't gusto mo. Libingan, saan naroon ang iyong pagtatagumpay? Datapuwat salamat sa Diyos na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ni Jesus Cristo." Hayan nga.

Kinailangan ngang ang Diyos Mismo ang gumawa noon. Pumarito Siya at nahayag sa laman. Nagbalik Siyang muli sa Espiritu.

135 Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, hindi mo pa sinabi sa amin, kung kailan nagkatawang-tao ang Diyos bago pa man Siya dumating na si Cristo."

Noon ngang nakaupo si Abraham sa ilalim ng tolda, isang araw, dumating ang dalawang Anghel at ang Diyos, na papalapit sa kanya, sa katawang laman. Puno ng alikabok ang kanilang mga damit at mga pagod, at naupo sila. At lumabas si Abraham at kinuha 'yung guyang baka sa inahing baka, at kinatay 'yun. At naghanda ng hiniwa-hiwang karne ng tupa. Lumabas at kumuha . . . pinakuha si Sarah ng ilang harina mula sa mais at pinasala 'yun, at pinagawa ng ilang tinapay. At gumawa ng

mantikilya galing sa baka, at pati gatas na rin. At dinala ito roon at inilapag, at kinain nga iyon ng Diyos.

136 Hallelujah! Yan ang dahilan kung bakit, "Ang pananampalataya ko'y nakatuon sa Iyo, Ikaw na Cordero ng Kalbaryo."

137 Sa palagay n'yo ba napakahirap na bagay 'yun sa Diyos? Ang Diyos, Na may gawa ng lahat ng potash at mga calcium, at ng lahat dito sa mundo, nanaog Siya para dalawin si Abraham. Sabi Niya, "Iniisip mo sigurong ililihim Ko ito sa iyo, samantalang ikaw naman ang tagapagmana ng sanlibutan?" Amen. "Hindi Ko ito ililihim sa iyo." Sadyang ang Diyos ay mayroong . . .

138 Gawa tayo sa labing-anim na elemento. Dumakot lang Siya ng ilang potash, at ilang calcium, ilang petroleum, cosmic light, tapos "Whew!" "Pumasok ka riyan, Gabriel," isang katawan na!

139 "Whew!" "Pumasok ka riyan, Wormwood." Pumasok siya roon.

Dalawang Anghel, mula sa Langit!

140 Inunat ng Diyos ang kamay at dumampot ng sandakot nun, "Whew," pumasok doon, Siya Mismo. Nanaog, at nakaranas ng gutom. Mapagpala . . . Paano 'yan ngayon, mga kapatid na Adventist na ayaw kumain ng karne? Makararating tayo riyan, maya-maya. Ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, si Jehovah, alamin n'yo nga kung ang Pangalan na 'yan ay hindi parehas ang salin sa Yaon ding nasa nagniningas na kahoy! Hallelujah!

At pagkatapos tumayo Siya sa lupa, sabi Niya, "Bago pa si Abraham, ay AKO NGA, Yaon ding nasa nagniningas na kahoy." Siyanga, si Elohim, tingnan n'yo kung hindi iyon iisa. Siya Yaong naroon sa nagniningas na kahoy.

141 Siya Yaong narito sa harapan ni Abraham, nasa isang katawang laman, na kumakain ng guyang baka, at umiinom ng gatas mula sa baka, at kumakain ng mantikilyang nasa tinapay. Purihin ang Banal na Pangalan ng Diyos! Lumakad mismo roon at nagsabi, "Hindi ako aalis . . . "

At nakatalikod nga Siya noon. Sabi Niya, "Abraham, dadalawin Kita, at magkakaroon ka ng anak na 'yan. Sandaang taong gulang ka na ngayon, at si Sarah nama'y siyamnapu." At si Sarah, dun sa loob ng tolda, ay nagsimulang, "Ha!" matawa. Sabi Niya, "Anong nagpatawa kay Sarah?" Sa likod Niya; nakaharang pa sa pagitan nila 'yung tolda.

142 Sabi ni Abraham, "Sarah, tumawa ka ba?"

143 "Hindi, hindi naman."

144 Sabi, "Siyanga, tumawa ka." Anong klaseng pagbabasa ng iniisip 'yan? Anong klaseng pagbabasa ng isip 'yun?

Ganyan din ang ginagawa Niya sa panahon ngayon. Siya ang Jehovah-jireh, Jehovah-rapha, siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hindi Siya kailanman nabibigo.

145 Tingnan n'yo nga Siya. Hayan Siyang nakatayo. Lumabas at nakipag-usap kay Abraham; at naglaho, sa paningin nito. At sinabi ng dakilang patriarkang si Abraham na siya ay "nakipag-usap nang mukhaan sa Diyos, si Elohim," ang siya ring Diyos. Nakuha n'yo? Hindi tatlong Tao, kapatid. Tatlong katungkulan ng iisang Persona!

146 Sa pasimula ay ganoon na, Siya noon yaong dakilang Espiritu, Bukal kung saan naroon ang lahat ng katotohanan, ang lahat ng pag-ibig, ang lahat ng kapayapaan. Lahat ng bagay na dalisay ay nasa Bukal na ito. Sinimulan nitong buuin ang isang katawan, isang theophany, 'yung uri ng katawan na paroroonan natin. Hindi isang niluwalhating katawan, kundi isang anghelikong katawan, ganyan nga; may hugis, anyo.

147 Sa tuwing makakakita ako ng punongkahoy, naiisip ko, "Ang punong 'yan ang negatibo. Ang positibo ay nasa kung saang dako." Ang punong 'yan ay hango mula sa isang bagay. Gawa 'yan ng isang karunungan. At ang tanging ginagawa ng mundong ito ay pag-aninagin ang nasa Langit. Sinabi iyon ng Biblia. At kung may punongkahoy dito na mamamatay, may isa sa Kaluwalhatian na hindi mamamatay.

148 Kapag nakakakita ako ng isang lalaki, nakakakita ako ng kalugod-lugod na pagmasdang batang-bata pang mag-asawa, 'yung lalaki at ang kanyang asawang babae, na naglalakad sa kalsada, bagay na bagay sa isa't isa. Ano ang isinasalamin nito? Purihin ang Pangalan ng Panginoon! May isa nga roon sa Langit na hindi masisira. "Kung ang tabernakulong ito na ukol sa lupa ay masira, may isa na tayong naghihintay, ang theophany."

149 Hayan nga't mauunawaan n'yo na riyan ang trinidad: ang dakilang Espiritu, na nananahan sa Anak, si Jesus; si Jesus ay nananahan sa Iglesya. "Sa araw na iyon, makikilala ninyong Ako'y nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin, at Ako sa inyo." Ang lahat ng nasa Diyos, ay ibinuhos Niya kay Jesus; ang lahat ng nakay Jesus, ay ibinuhos Niya sa Iglesya. Hayan nga. "Ako ay nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin; Ako ay nasa inyo, at kayo ay nasa Akin." Hayan ang isang—Hayan ang katawan.

150 Iyan tuloy ang problema ng iglesya. Naturuan sila ng kung anu-anong mga walang halagang, binaluktot, na doktrinang sabi-sabi pa ata ng mga matatanda, na kung anu-ano tuloy ang pinagkakaabalahan at nagdaraos ng mga pang-sosyalang hapunan at may paglalaro pa ng baraha. Hindi tuloy kataka-takang nasusuong tayo sa kayraming kaguluhan. Hindi natin kailangan ng mga programang pambata at mga pang-sosyalang hapunan. Ang kailangan natin ay isang matatag na sinaunang Ebanghelyo, at mga kalalakihang may

pananampalataya na may sukbit na tabak, at may paghahamon. Ang kailangan natin ngayon, ay hindi ’yung kung anong walang halagang teolohiya at kung anong teorya na gawa-gawa’t pinauso lang ng tao. Ang kailangan natin ay ang matatag na Ebanghelyong ipinangangaral sa Liwanag at sa Kapangyarihan at pagpapamalas ng Banal na Espiritu.

151 Pansinin n’yo rito ngayon.

> Gaya ng kanyang sinabi, nagtangi *siya ng* ibang *araw, na sinabi sa mga awit ni David, . . .*
>
> *. . .Sapagka’t kung ibinigay* sana *sa kanila ni Jesus ang kapahingahan,. . .hindi na sana niya. . .sasalitain ang ibang araw.*
>
> Subalit *may natitira pa ngang. . .isang pamamahingang sabbath ukol sa bayan ng Dios.*
>
> *Sapagka’t ang pumasok* na *sa kaniyang kapahingahan,. . .ay nagpahinga naman sa kaniyang mga gawa, gaya ng Dios sa kaniyang mga gawa.*

152 Ngayon saan na tayo babasa? Mateo, sa dalawampu’t-. . .Sa ika-11 kabanata, ika-27 talata.

> *Ang lahat ng mga bagay na ibinigay* ng Ama *sa akin, ibinigay sa akin ng aking Ama,* ang ibig kong sabihin*: at sinoma’y hindi nakakakilala sa Anak, kundi ang Ama;* (Hayan nga), *at sinoma’y hindi nakakakilala sa Ama, kundi ang Anak, at yaong ibiging pagpahayagan ng Anak.*

153 Kita n’yo, hindi ito kung gaanong karami ang nalalaman n’yo, kung gaanong karami ang—ang nais ng obispong malaman n’yo. Ito’y kung gaanong karami ang nais ng Diyos na malaman n’yo. Kung hindi n’yo makita ang Kapahayagang ito, huwag n’yong hingin sa obispo. Hingin n’yo sa Diyos. Huwag n’yong hingin sa pastor. Hingin n’yo sa Diyos. “Ipinahahayag Siya ng Anak,” *Siya*, panghalip na panao.

154 Pakinggan n’yo. Magugulat kayo rito. Narito ang utos. Sinabi ni Pablo, “Kung naglaan pa sana Siya ng ibang araw, sinabi na sana Niya ito.” Ngunit heto ang sinabi Niya.

> *Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking bibigyan ng* sabbath, *papagpapahingahin.*
>
> *Pasanin* ninyo *ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka’t ako’y maamo at mapagpakumbaba* sa *puso: at masusumpungan* ninyo *ang* sabbath *ng inyong* kaluluwa.
>
> *Sapagka’t malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking* mga pasan.

155 Masdan n’yo ang sinabi ni Pablo.

> *. . .sapagka't kung ibinigay* sana *sa kanila ni Jesus ang kapahingahan, . . .hindi na sana niya* sasalitain *ang ibang araw.*
>
> Subalit nagtangi *siya ng isang . . .araw,* na sinabi *sa mga awit ni David, . . .pagkatapos ng ilang panahon; . . .* kung *marinig* ninyo *ang kaniyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong* puso.

"At may natitira pa ngang . . . " Pakinggan n'yo pong maigi, ika-9 na talata.

> *May natitira pa ngang isang pamamahingang sabbath,* isang sabbath*, ukol sa bayan ng Dios.*
>
> *Sapagka't ang pumasok,* ang lalaki man o babae*, ang pumasok* na *sa kaniyang kapahingahan . . .*

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha. Kayo'y aking papagpapahingahin."

> *. . .ay nagpahinga* na *sa kaniyang . . .mga gawa, gaya ng Dios sa kanyang mga gawa.*

156 Maaaring dalawampung taong gulang ka na. Maaaring tatlumpung taong gulang ka na. Maaaring limampung taong gulang ka na. Subalit sa sandaling marinig mo ang Tinig ng Diyos na kumakatok sa iyong puso, huwag mong papagmatigasin ang iyong puso. Sapagkat ang pumasok . . . "Ang dumirinig sa Aking Mga Salita, sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may magpakailanmang, Buhay na Walang Hanggan, at hindi na mapapasok sa paghatol kundi lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay."

157 "Kaya, Kapatid na Branham, ano ang mangyayari?" Matatanggap n'yo ang Espiritu Santo. Si Cristo ay sasainyo. Tama ba?

158 Makibuklat po kayo sa akin sa Isaias, sa ika-28 kabanata, at basahin natin. Isaias, sa ika-28 kabanata, tingnan n'yo kung ano ang sinabi ng propeta patungkol dito. Mateo . . . 28, simulan natin sa ika-8 talata. Heto ang kinahaharap ng huling mga araw. Magtatapos na po tayo sa ilang sandali.

> *Sapagka't lahat ng mga dulang* ay mapupuno, o *puno ng suka . . .walang dakong malinis.*

159 Hayaan n'yong huminto muna ako pansumandali. Gaya nga ng sabi ni Ernie noong isang gabi. May kinakausap siya noon. Si Ernie Fandler, itong kapatid natin dito mula sa Switzerland, sabi niya, "Huminto muna ako at hinayaan 'yung tumimo."

160 Gusto kong tumimo ito.

> *. . .walang dakong malinis.*
>
> *Sapagka't* ang *lahat ng mga dulang* ay mapupuno *ng suka, . . .*

At gaya ng isang *aso* na nagbabalik sa kanyang *suka*. . .*at* isang *babaing baboy*. . .*sa kaniyang* lubluban, gayundin na nagsisibalik ang mga tao.

161 Ano ang nangyari sa inyo mga Methodist? Dati'y taglay-taglay n'yo ang Liwanag. Anong nangyari? Binawi Ito ng Diyos sa inyong kamay at ibinigay Niya Ito sa mga Nazarene.

Ano ang nangyari sa inyo mga Nazarene? Nasa inyo dati ang Liwanag. Binawi Ito ng Diyos mula sa inyong mga kamay at ibinigay Ito sa mga Pentecostal. Ganoon nga. Kayong mga church of God at ang iba pa sa inyo na mga holiness people, dahil tinanggihan n'yo ang Liwanag, naging denominasyon kayo at nagsabi, "Wala na kaming paniniwalaan pa na higit *dito*," lumabas na ang Diyos at ipinakita sa inyo na may mga tao Siyang susunod sa Kanya.

162 Ano ang nangyari sa inyo mga Pentecostal? Nasa inyo na noon ang Liwanag. Binawi na Ito ng Diyos sa inyo.

Patuloy nga sa pag-usad ang Haliging Apoy. Sa tuwing uusad ang Haliging Apoy, umuusad ang Iglesya kasama Nito.

At noong nag-organisa si Luther, palabas ng simbahang Katoliko, ng sarili niyang iglesya, umusad ang Haliging Apoy at sumunod Dito si Wesley.

Nag-organisa si Wesley at gumawa ng sariling denominasyon, at umusad ang Haliging Apoy at sumunod Dito ang mga Nazarene.

Nag-organisa ang mga Nazarene, at sumunod Dito ang church of God; at nagsabing hindi sila isang denominasyon, ngunit sila nga'y denominasyon.

163 Pagkatapos anong nangyari? Ang sumunod na nangyari, nakita ng mga Pentecostal ang Apoy, at sumunod sila sa pag-usad. At ano ang ginawa n'yo? Gumawa ng isang doktrina hango sa pagsasalita ng iba't ibang wika, at inorganisa ito, "Kailangan na raw magsalita ng iba't ibang wika ang lahat bago nila matanggap ang Banal na Espiritu," kaya kaagad na umusad ang Diyos palayo at iniwan kayo sa kinalalagyan n'yo.

164 Ano ang nangyari sa inyo mga Oneness? Natumbok n'yo ang bautismo, sa Pangalan ni Jesus. Gumawa kayo ng isang doktrina hango rito, at inihiwalay ang inyong sarili mula sa iba pa Nito, at umusad kaagad palayo ang Diyos at iniwan kayo sa kinalalagyan n'yo. Ganoon nga.

165 Ano ang nangyari sa inyo mga Assembly of God, pinagkatandaang General Council? Bumuo kayo sa inyo-inyo ng organisasyon, at umusad kaagad palayo ang Diyos at iniwanan kayo sa kinalalagyan n'yo. At ngayon wala nang masasabi sa inyong anupaman kundi kayo'y isang malamig, at pormal na grupong katulad ng iba pang nariyan.

At patuloy na umuusad ang Haliging Apoy. Hallelujah!

*. . . lahat ng mga dulang ay puno ng suka . . .*

166 Tingnan n'yo na lang ang Hapunan ng Panginoon. Aba, ang ginagawa pa nga nila . . . naroon nga ako noon sa isang lugar kung saan pan de barra ang gamit-gamit nila. At ang dapat sana'y tinapay na walang lebadura. At ipinamamamahagi nila ito sa mga makasalanan, maninigarilyo, mga babaing masama ang reputasyon, mga patutot, basta't nakalista ang kanilang pangalan doon sa kanilang aklat.

167 At kayong mga Baptist ang tawag n'yo pa nga rito'y "saradong" komunyon. Ngayon, may halong pagmamalaki pa yata 'yan mga Baptist, aalisin ng Diyos ang pagmamalaki n'yo. Ganoon na nga mismo, hindi na kayo makapagmamalaki pa. "Saradong" komunyon, inihihiwalay n'yo ang inyong sarili, para bang mas banal pa.

Tandaan n'yo, isa itong tabernakulo ng Baptist. Ganyan nga ang sasapitin n'yo, inoorganisa n'yo kasi ang sa inyo. "Oh," sasabihin n'yo, "hindi naman kami isang organisasyon." Anong hindi, kayo nga. Tunay nga, kayo nga. Sinasabi n'yo, "Kami ay isang pagbubuklod-buklod ng magkakapatid." Oo, sa sinumang papasok sa pintuan at maturuan ng kung paano n'yo pinaniniwalaan ito, ganyan nga kayo. Pero, kapag may isa, na—na hindi sang-ayon sa inyo, aba'y itinitiwalag n'yo siya mula sa pagkakapatiran n'yo. Ganyan nga kayo. Oh, may sarili kayong paraan ng pagsasagawa ng bagay-bagay. Aba'y gayundin ang Diyos na may paraan ng pagsasagawa ng bagay-bagay. Hayan nga't magpapatuloy sa pag-usad ang Iglesya ng Diyos. Hindi hihinto para sa ganyan lang ang Haliging Apoy.

*. . . lahat ng mga dulang ay puno ng suka . . .*

168 Ngayon pakinggan n'yo. Ngayon magugulat kayo rito sa ilang sandali. Makinig. Babasahin ko ang Salita. Sino ito? Ang propeta, Isaias.

*. . . lahat ng mga dulang ay puno ng suka . . .* na *anopa't walang* kahit saang *malinis,* sadyang aso-sa-aso.

169 Magpupunta ka sa simbahan: putol ang buhok ng mga kababaihan, maiikli ang buhok, nagsusuot ng shorts, lalabas at makikitang parating ng mga kalalakihan; na nagtatabas ng damo sa bakuran, gustung-gusto ng mga dalagitang makarinig na may sumusutsot sa kanila na akala mo aso o lobo ang sumusutsot, o anuman, alam n'yo na 'yan, "Whet-whew!" Oh, akala n'yo siguro'y ikinaganda n'yo 'yun, ano?

170 At kayong mga kalalakihang palakad-lakad sa kalsada, na may subo pang sigarilyo sa bibig, at isa pa naman din kayo sa mga diyakono sa lupon. Para kayo n'yang torong Texas na tinanggalan ng pang-suwag. Tapos ang tingin n'yo sa inyong sarili ay para bang kung sino kayo. Ganoon na nga mismo. Kaya

hindi na nakapagtatakang ang lahat ng mga dulang. . .tapos lalapit at magkokomunyon, at aastang para bang kung sino, at mandaraya at magnanakaw at magsisinungaling, sa buong sanglinggo. Anong nangyayari sa inyo?

*. . .lahat ng mga dulang ay puno ng suka. . .*

171 "Oh, nakikibahagi ako sa Hapunan ng Panginoon. Hayan nga't, ginagawa namin 'yan sa aming simbahan. Sinabi ni Jesus na ibabangon niya kami sa huling mga araw kung makikibahagi kami sa Hapunan ng Panginoon."

172 Subalit, "Ang kumain at uminom na di nararapat, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kanyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang Katawan ng Panginoon. Dahil dito'y marami sa inyo ang mga masasakitin at mahihina, at marami ang nangamamatay," pinaglipasan, patay, at pormal na mga iglesya. Umalis na ang Espiritu ng Diyos sa inyo. Wala na riyan ang Haliging Apoy. Tinatanggihan n'yo ang Makalangit na pagpapagaling. Tinatanggihan n'yo ang pagkabuhay na mag-uli.

173 "Oh," sasabihin n'yo, "oh, bumangon nga Siya sa mga patay, sa kasaysayan." Buweno, papaano Siya magiging siya pa rin hanggang ngayon, hindi ba't bumangon Siya noon mula sa mga patay? Sasabihin n'yo, "Oh, hindi kasi ganyan ang kuha diyan." Ngayon, 'yan na nga bang sinasabi ko. Mayroon kayong pagkabuhay na mag-uli sa paraang nais n'yo rito, at mayroon din ang Diyos sa paraang nais Niya rito.

174 Subalit, ang pinakapunto rito, sinabi nga ng Biblia, ang nalalaman natin ay ang Katotohanan, na patototohanan Niya ang Salita. "At ang mga bagay na ito na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo. At Ako'y sasainyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Iyon ang sinabi ng Salita.

175 Ngayon ano ba ang sabbath?

*. . .lahat ng mga dulang ay puno ng suka. . .walang* kahit isang *malinis*.

Kanino *siya magtuturo ng kaalaman*?

Hindi makamundong kaalaman; espirituwal na kaalaman!

Kanino *siya magtuturo ng kaalaman?. . .kanino Niya ipatatalastas. . .ang balita?*

176 "Oh, purihin ang Diyos, hindi Ito pinaniniwalaan ng organisasyon namin. Hindi nga nila Yan pag-aaksayahan ng panahon.". . .malay ko sa kung ano ang pinaniniwalaan ng organisasyon n'yo. Ano nga ba ang sinasabi ng Salita ng Diyos patungkol dito? "Oh, buweno, ang mga pastor namin, alam mo, mga edukado sila." Oh, sige. Sabihin nating ganun na nga,

nagtamo ng napakaraming pag-aaral, hayan nga't nakaligtaan na nila ang Diyos. Totoo 'yan, dahil sasabihin mo sa kanila ang Salita at tatalikod lang sila at sasabihin, "Buweno, hindi ganyan ang paniwala ko Rito." Oh, baluktot ka na ngang talaga! Hayaang sabihin ko ito sa iyo.

177 Tingnan n'yo rito.

> . . . kanino *niya* . . . ipababatid *ang balita? silang nangalayo sa* suso, *at* . . . *silang nangalayo sa gatas, at nangahiwalay sa suso.*

178 Noong isang araw, binisita ako ng isa sa aking kapitbahay. Sabi niya, "Billy, isang pastor dito sa bayan, pinakamalugod at mapagpakumbabang taong makikita mo . . . " Sabi, "Kami ng aking maybahay ay nakaupo na noon at nakapantulog na nga, mga hating-gabi na 'yun, at itong pastor na ito ay napadaan at siya—siya—siya ay nakisalo sa aming uminom ng kaunting kape at pagkatapos ay pumunta naman siya roon sa kabilang bahay dun sa kapitbahay, at kinamayan niya sila. Naglalaro sila noon ng baraha, at nakiupo siya at nakipaglaro na rin sa kanila ng baraha." Sabi, "Oh, siya ang pinakamagaling sa pakikisama na makikita mo kailanman." Sabi, "Oh, gustong-gusto namin siya. Walang dahilan para paalisin namin siya."

179 Tumayo ako roon nang ilang saglit, sa isip-isip ko, "Buweno?"

180 Sabi, "Oh, sa palagay mo diba't kailangan ng bawat iglesya ang isang lalaking gaya nun?" Huh! Hindi ko kayang sagutin 'yun. Sabi niya, "Doon naman sa kabilang lugar," sabi, "may napakaganda silang lugar doon. Itong ministrong ito at ang kanyang maybahay, kalugod-lugod na mga tao, humahayo sila at tinututukang husto ang mga bata hanggang sa magkaroon na nga sila ng isang—isang Bible school." At sabi, "Talagang napakarami nila roong, maliliit na mga batang nagsisiksikan doon." Sabi, "Naku, ang galing-galing nga niyang magkuwento ng lahat na ng klaseng pambatang kuwento sa maliliit na mga bata."

181 Sabi ko, "Mainam nga 'yan. Napakainam talaga n'yan."

182 Bumalik ako. Kagagaling ko lang noon ng Canada. Naisip ko, "Heto ako. Grabe! Mga tao nga naman . . . Ano kayang kulang sa akin? Hindi ko nagagawa ang ganun." Hinuhugasan ko noon ang aking kotse. Naisip ko, "Diyos, tumatanda na ako, at heto ako. Nakipaglaban ako. Umiyak ako. Nagsumamo ako. At ang napala ko lang ay isang malaking paglalapastangan."

183 Kung anu-ano na, ang sinabi sa aking masasakit na salita, "Oh, ang matandang holly-roller," parang ganun.

184 Iniisip-isip ko 'yun. At isang Tinig ang dumating sa akin, ang sabi, "Mainam nga ang mga lalaking 'yun kung nagagawa nila 'yun, ngunit hindi Kita tinawag para gawin 'yun. Tinawag

Kita para kunin ang Tabak at tumayo roon na tulad ni Josue at manghamon, kapatid. Hindi makipaglaro sa kung anong samahan o kung anong organisasyon ng iglesya, kundi hamunin ang diyablo. Tumayo sa pinakaunahan, panindigang tama ang tama, at mali ang mali. Ipangaral ang Salita at alamin kung sino ang may pananampalataya upang panampalatayanan Ito. Iumang ang tabak roon."

185 Napabilis tuloy ang paghuhugas ko sa kotse, aba'y mahaba-habang oras, ko na palang hinuhugasan 'yun. Sabi ko, "Salamat, Panginoon. Salamat, Panginoon." Gumaan na ang pakiramdam ko noon. "Ayos lang, Panginoon, hahawakan ko ang tabak nang mas mahigpit pa, at nais kong mamatay na nasa sa aking kamay Ito."

> . . . kanino ko ipababatid *ang balita?* (Pakinggan n'yo.)
>
> . . . *mga dulang ay puno ng suka . . .*
>
> . . . *silang nangalayo sa gatas, at nangahiwalay sa suso.*

Ngayon masdan.

> *Sapagka't* kung papaanong *utos at—at utos: utos at utos; . . . bilin at bilin; dito'y kaunti, doo'y kaunti.*
>
> *Kundi sa pamamagitan ng mga taong may ibang pangungusap at may* ibang mga wika *ay sasalitain* ko *sa bayang ito.*
>
> *Na* kaniyang *pinagsabihan, Ito ang* sabbath kung saan *papagpahingahin ninyo siya na pagod; . . . ito ang* mga kaginhawahan*: gayon ma'y hindi nila pinakinggan.*
>
> Sapagka't *ang salita ng* P*ANGINOON* *ay* dumating *sa kanila,* (may nangaral Nito), *utos at utos, . . . at utos; bilin at bilin, . . . at bilin; dito'y kaunti, doo'y kaunti; upang sila'y mangakayaon, at mangapahinga, at mangabalian, at mangasilo, at mangahuli.*

186 Ano ang Kapahingahan? Kailan dumating ang Kapahingahan? Noong nagsalita ang mga tao ng ibang wika at at may ibang pangungusap. May ibang pangungusap; hindi sila makapagsalita nang maayos. Utal silang mangusap. Kailan nangyari iyon? Noong Araw ng Pentecostes, noong dumating ang Banal na Espiritu. Iyon ang Kapahingahan: ang Banal na Espiritu. Sinabi ni Jesus, "Magsiparito kayo sa Akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y bibigyan Ko ng Kapahingahan. Bibigyan Ko kayo ng Buhay, Walang Hanggang Buhay," *Zoe*, ang Buhay mismo ng Diyos. Ang Diyos ay sasainyo at magiging bahagi ninyo. Bibigyan Niya kayo ng kapanganakan at gagawin kayong anak na lalaki at anak na babae.

187 Ngayon masdan n'yo. Iyon ang ikatlong kapahingahang ibinigay Niya. Ang una: tinanggap iyon ng Diyos, mula sa Kanyang gawa. Ikalawa: natanggap iyon ng Israel, sa kautusan. Ikatlo: natanggap Ito ng Iglesya, bilang bahagi ng Diyos.

188 Ang bilang na tatlo ay ang bilang ng buhay. Ilan ang nakakaalam nun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sa tuwing makakakita kayo ng tatlo, ito nga'y buhay. Pansinin n'yo, noong nilikha ng Diyos ang lupa, sa ikatlong araw ay buhay. Ilan ang nakakaalam nun? ["Amen."] Sa ikatlong araw. Nagkaroon ng buhay sa ikatlong araw ng paglikha.

Ang trinidad: ang Ama ay nasa ibabaw ng mga tao, sa isang Haliging Apoy; ang Anak ay isang Tao, na nakipag-usap sa mga tao at pinaghanda sila; ang Banal na Espiritu ay ang ikatlong hakbang, ang Banal na Espiritu, ang Diyos sa mga tao. Buhay! Ama, Anak. . .

Ang kapahingahan, ng Diyos; ang kapahingahan, ng Israel; ang Kapahingahan, ng Iglesya, ang pangingilin sa sabbath.

189 Kaya, kung hindi pa n'yo natanggap ang Banal na Espiritu, kung hindi pa, ay hindi pa kayo n'yan nakapasok sa Kapahingahan ng Diyos. Hindi n'yo nga masasabing, "Oh, hindi ko kasi kaya. Hilig kong manigarilyo. Sadyang hindi ko—hindi ko kayang gawin 'yan; isa naman akong Cristiano. Talagang ninanais kong hindi na uminom ng alak, hayan nga't isa akong Cristiano. Hindi ko lang talaga kaya, ninanais kong hindi na uminom ng alak, pero talagang hindi ko mapigilan."

190 Kung nagnanasa ka sa kababaihan, kung ginagawa mo ang mga makasalanang bagay na ito, hindi mo pa narating yaong panahon ng Kapahingahan. Hindi ka pa nakapasok sa iyong Kapahingahan.

191 At kapag pumasok na kayo sa Kapahingahang ito, hihinto na kayo sa inyong sariling mga makamundong gawa, tulad ng paghinto ng Diyos sa Kanyang mga gawa. Bakit? Bahagi na kasi kayo ng Diyos. Kayo'y nagpapahinga, nang Magpawalang Hanggan. Hayan nga. Iyon ang Sabbath. "Magsiparito kayo sa Akin, kayong lahat na nangapapagal."

> Ngayon, nagtangi *siya ng isang araw*, . . .*pagkatapos ng ilang panahon,* sa mga awit ni David;. . .kapag *marinig* ninyo *ang kanyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso*.

192 Isang pananalita na lamang o dalawa pa, magtatapos na po tayo.

> *Sapagka't ang pumasok* na *sa kapahingahan* ni Cristo, . . .

> *Magsiparito kayo sa akin,* kayong *lahat na nangapapagal at*. . .*nangabibigatang lubha*. . .

> . . .*nagpahinga* na kayo *sa* inyong *mga gawa, gaya ng Dios sa kaniyang mga gawa,* sa ikapitong araw.

Ang sa inyo marahil ay noong ikatatlumpung taon mo, sa ikaapatnapung taon, sa ikalimang taon, ano pa mang taon. Nagpahinga na kayo sa inyong mga gawa, gaya ng Diyos sa Kanyang mga gawa, nang Magpawalang Hanggan. Hindi n'yo na ninanais pa ang mga bagay ng sanlibutan. Patay na ang sanlibutan sa inyo.

193 Ngayon, sa ika-11 talata po, pakinggan n'yong maigi.

> *Magsipagsikap nga tayo ng pagpasok sa kapahingahang yaon,* (hindi ang isang *ito*, hindi ang isang *ito*, kundi ang isang *Ito*), *upang huwag marapa ang sinoman ayon sa gayong halimbawa ng pagsuway.*

194 Ano ito? Narito ang Haliging Apoy. Kasama natin ang Anghel ng Panginoon. Ginagawa Niya ang siya ring mismong mga bagay na sinabi Niyang gagawin Niya. Nangararapa ang mga tao, sinasabi, "Oh, buweno, sa palagay ko'y ayos lang Ito. Napakainam nga n'yan. Oh, sa palagay ko'y mabuti naman Ito." Mag-ingat kayong hindi kayo marapa sa siya ring bitag ng pagsuway. Tanggapin n'yo nga Ito nang buong puso ninyo.

195 Masdan n'yo.

> *Sapagka't ang salita ng Dios* (hindi ang doktrina ng iglesya). . .*ang salita ng Dios ay* mas buhay*, at* mas *mabisa,* . . .*matalas kay sa* isang *tabak na may dalawang talim,* (pakinggan n'yo)*, at* bumabaon *hanggang sa* . . . *paghihiwalay* ng *kaluluwa at* ng *espiritu,* . . .*ng mga kasukasuan at* ng *utak, at*. . .(pakinggan n'yo), *at madaling kumilala ng mga pagiisip at* ng *mga haka ng puso*.

Ano iyon? Makakaparito ang Espiritu Santo at magsasabi, "Ginawa mo ang *ganito't-ganoong* bagay. At ginawa mo ang *ganito* at ginawa ang *ganoon*. May *ganito* kang uri ng sakit, at *ganoon*. Kung itatama mo *ito*, gagawin mo ang *ganoon*." Kita n'yo? Kumikilala ng mga pag-iisip.

196 At sasabihin ng mga tao, "Ano 'yan? Aba, pagbabasa lang 'yan ng isip. Aba, ito'y isang. . .Isa siyang manghuhula." Kita n'yo na ang ibig kong sabihin? Ito'y isa nang ubod ng sama, at mapangalunyang mundong hindi nakakikilala sa Diyos.

197 "Ito'y mas buhay, mas matibay, mas mabisa kaysa isang tabak na may dalawang talim, at kumikilala ng mga pag-iisip at ng mga haka ng puso."

Ngayon, ano ba yaong nakakatalos sa mga haka ng puso? Ang Diyos. Sasabihin n'yo, "Buweno, sabi ng Biblia, 'Ang Salita ng Diyos.'" Ang Salita ng Diyos ay Diyos.

*Nang pasimula siya ang Salita, . . . ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios.*

*At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin, . . .*

198 Nakikilala ng Diyos ang mga pag-iisip. Nakatalikod noon si Abraham, at—at gayunding nakatalikod ang Diyos sa tolda. At natawa noon si Sarah. At bumaling ang Diyos, sabi, "Ano ang nakapagpatawa kay Sarah?" Isang kumikilala ng pag-iisip ng puso! Nais kong tumimo iyon nang kaunti.

199 Tapos kapag lumilitaw ang ganoong uri ng ministeryo, na ipinangako naman ng Diyos sa huling araw, anong nangyayari? "Pagbabasa raw ng isip."

200 Hindi ba't tinawag nila ang Panginoon, Siya mismo, tinawag na "Beelzebub"? Sabi Niya, "Kung pinangalanan nilang 'Beelzebub' ang Panginoon ng sambahayan, gaano pa kaya ang Kanyang mga alagad?"

201 Mahal ko kayo. Ipinakikita nitong interesado nga kayo rito, hindi n'yo kailangang dumalo sa isang gusaling naka air-con upang pakinggan ang Ebanghelyo. Kayo nga'y may sapat na pagkagutom na pumarito sa isang dakong tulad nito. Hindi nga tayo pinahihintulutan ng Diyos na magtayo ng ibang lugar kundi ganito. Gusto natin itong ganito. Isang munti't lumang dampa lamang, subalit ganito natin ito ibig. Hindi tumatahan ang Diyos sa magarbo. Tumatahan ang Diyos sa kababaang-loob. Gusto natin ito nang ganito. Masaya tayong makaparito, at maging, kayo rin, upang maupo sa isang—isang dakong tulad nito. Kahit na gaano man kainit rito, gaano man kayong pagpawisan dito suot ang bago n'yong terno, ang bago n'yong bestida, hindi n'yo alintana 'yun.

Napapakinggan n'yo ang Buhay na Walang Hanggan, ang Salita ng Diyos na nakakaalam ng mga pag-iisip ng inyong puso. Ang Haliging Apoy na nasa ibabaw ng mga anak ni Israel, ay naririto ngayong gabi. Maaari kong sabihin ng may paghamon: walang isa mang tao na makatatayo rito sa ilalim ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na hindi siya inilalantad ng Diyos at sasabihin sa kanya kung ano siya. Siyanga. Hayan nga.

202 Ano Ito? Ano Ito? Ito ang siya ring Espiritu na nanguna sa mga Anak ni Israel sa kanilang kapahingahan, at nangabuwal sila dahil sa kawalan ng pananampalataya. Huwag kayong marapa. Ito na ang huling pagkakataon. Ama, Anak, at Espiritu Santo, nagmumula ang Buhay roon.

203 Ang pag-aaring-ganap, Martin Luther, isang anyo pa rin ng relihiyon. Pagpapaging banal . . . Martin Luther; John Wesley; ang bautismo ng Espiritu Santo, Buhay. Ang pag-aaring ganap, ay pagsampalataya; ang pagpapaging banal, ay ang paglilinis; ang Banal na Espiritu, ay ang pagpupuno, Buhay. Hindi sa

pamamagitan ng panahon ni Luther; natamo nila Ito sa isang anyo. Hindi sa pamamagitan ng panahon ni Wesley; natamo nila Ito sa isang anyo. Subalit ito na ang panahon kung kailan darating ang Banal na Espiritu, Siya mismo.

204 At kung hindi pa n'yo natatanggap Ito, papaano n'yo, masasampalatayanan ang mga himala? Kinakailangang naroon ang Diyos, sa inyo, upang makasampalataya. Kumilos kayong tulad ng Diyos. May pagkilala kayong tulad ng Diyos. Nag-iisip kayong tulad ng Diyos. Sinabi ng Biblia na kayo'y mababababa, maliliit na "mga diyos." Sinabi nga iyon ni Jesus. Sapagkat, bahagi kayo ng Diyos.

Kagaya na lamang na ako'y isang munting Branham, at kayo'y munting kung ano man ang pangalan n'yo, at dahil nga 'yan sa ganoon din kasi ang pangalan ng mga magulang n'yo. Ang kalikasan n'yo ay ganyan dahil ganyan din ang inyong mga magulang, 'pagkat ipinanganak ka nila.

At ang dahilan kung bakit nananampalataya ka sa Diyos, at nananampalataya sa mga himala, at mga tanda at mga kababalaghan, ay sapagkat mga anak na lalaki at mga anak na babae kayo ng Diyos. Tinanggap n'yo ang Buhay. Naroon ang buhay sa ikatlo. Ganoon po.

205 Noong umakyat si Jesus sa bundok, saanman Siya magtungo, sinasama Niya sina Pedro, Santiago, at Juan, tatlong saksi. Ang bilang na tatlo ay ang bilang ng Buhay. Nakuha n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pag-ibig, kagalakan, kapayapaan.

206 Ngayon, magtungo na tayo kaagad sa dulo ng kabanata, ngayon, habang binabasa natin.

> *Sapagka't ang salita ng Dios ay* mas buhay*, at* mas *mabisa,*. . .kaysa *tabak na may dalawang talim*. . .at kinikilala maging ang *mga haka ng puso*.
>
> *At walang anomang nilalang na hindi* nahahayag *sa kaniyang paningin: nguni't ang lahat ng mga bagay ay*. . .*hayag sa harapan ng mga mata niyaong ating pagsusulitan*.

207 Kapatid, walang kulisap na makadadapo sa isang poste, na hindi Niya nalalaman. "Hayag ang lahat ng bagay." Kapatid, alam Niya ang lahat ng ginawa mo, lahat ng kaisipang naisip mo. Ganyan nga Siya. Nananampalataya tayong ganyan Siya.

At kapag pumasok sa atin ang Diyos, at inilagay tayo sa Iglesya, naglalagay Siya ng mga kaloob at bagay-bagay sa Iglesya, upang gumawa sa Kanyang Katauhan. Kung ang Diyos ay ang walang hanggang Diyos na iyon, kung gayo'y pinapagaling Niya ang mga maysakit. May kakayahan Siyang ibangon ang mga patay. May kakayahan Siyang linisin ang mga may ketong, idilat ang mata ng mga bulag. May kakayahan

Siyang magbigay ng mga pangitain. May kakayahan Siyang gawin ang lahat ng uri ng mga bagay gaya niyon, gumawa sa pamamagitan ng Kanyang Iglesya, sapagkat ang Diyos ito na nasa inyo. Hayan nga ang Iglesya.

208 Papaano magiging isang Iglesya ang iglesyang iyon, sa pakikianib ba Rito? Hindi, po. Sa pakikipagkamay ba? Hindi, po. Sa pagpapabautismo ba sa tubig? Hindi, po. Sa pagiging miyembro ba? Hindi, po. Papaano mo Ito matatamo? "Sapagkat sa isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat sa isang Katawan." Hayan nga.

209 Mga Taga Roma 8:1

> *Ngayon nga'y wala nang anomang hatol . . .*

"Wala nang makasanlibutang hatol." Wala na silang maipaparatang sa iyo.

> *Ngayon . . . wala nang anomang hatol sa mga* na kay *Cristo Jesus,* na *hindi lumalakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu.*

210 Hayan na nga. Sa ganyan n'yo nga dapat disisyunan ang inyong pagka-Cristiano. Sa ganyan ngang paraan n'yo malalaman kung nakapasok na kayo sa Kapahingahang iyon, ang hindi na nga kayo kayang gulu-guluhin pa ng sanlibutan. Ganoon nga. Kung may makita kayo, layuan n'yo na ito. May mas mainam kayong bagay na dapat isipin. Hayan nga, "Wala nang anumang hatol." Sa ganyan nga kayo makapapasok sa Katawan.

211 At may kasiguraduhan na kayo, "Magpakailanman." Ganoon ang sinabi ng Biblia. Tingnan n'yo rito sa Mga Hebreo, sa ika-10 kabanata. Sinabi niya:

> Sapagkat sa mga handog na mga baka at hain, *ginagawa ang pagaalaala sa* kasalanan *taon-taon.*
>
> *Nguni't siya, . . .* sa pamamagitan ng *isa lamang hain . . .*

Purihin ang banal Niyang Pangalan!

> *Sapagka't sa pamamagitan ng isang* hain *ay kaniyang pinasakdal magpakailan man . . .*

212 Hallelujah! Hindi para umabot lang hanggang sa susunod na rebaybal, kundi, *magpakailanman.* "Ang mga dating bagay ay nagsilipas na; at ang lahat ng bagay ay pawang naging mga bago." Naglalakad tayo sa Liwanag, sa marilag na Liwanag. Ibang-iba na ang hinuhuni ng mga ibon.

213 Nakaupo nga rito, hayan nga ang isang dating hamak na maglalasing, mga limang taon na ang nakalipas, sa tantiya ko. Si Rosella, halos magkandaduling-duling ang mga mata sa paglalasing, pagala-gala sa mga lansangan ng Chicago, lasing, pasuray-suray, nilalakaran ang lahat na ng uri ng kasalanang mayroon, lasing at kaawa-awa ang kalagayan. At isang gabi,

ang Espiritu Santo, na mas buhay at mas mabisa kaysa sa isang tabak na may dalawang talim, ay nagsabi, "Babae, isa kang maglalasing." Hallelujah! Kung hindi iyon ang siya ring Diyos na naroon noon, na nakatalos na tumawa si Sarah sa likuran Niya, hindi ko alam kung ano Siya.

214 Doon naman sa upuan ng mga tagapakinig sa isa pang babae. Naroon nga ang babae at nakadalo, at doon nakaupo. Sabi, "Nalulong ka sa pinagbabawal na gamot." Napakatindi nga ng Kanyang pagkilala sa mga nilalaman ng isipan!

215 At nakaupo nga rin noon doon ang dakila't tanyag na mga kinikilalang ministro, na may pandaigdigang pagi-ebanghelyo, magkakrus ang kamay, nakasuot ng tee shirt, akala nila'y hindi natin sila makikilala, dahil puwede ba naman 'yun na mauupo silang palihim sa ganitong pagtitipon at hindi ipahahayag ng Diyos kung sino sila. Nakaupo nga roon, iba ang bihis sa kinagawian, na parang karaniwang tao na lang sila. Alam ng Banal na Espiritu kung sino sila. At nakaupo nga sila roon, sa kanilang puso, pinagpapalagay nilang pagbabasa ng isip Ito. Mas wala pa nga silang nalalaman patungkol sa Diyos kaysa sa isang Hottentot na makaalam patungkol dun sa mandirigmang Egipcio. Siyanga. Alam na alam nga nila Ito batay sa titik, ngunit hindi ayon sa Espiritu. "Ang titik ay pumapatay, ngunit ang Espiritu ay nagbibigay Buhay." Ganoon nga. Ganoon nga iyon. "Mas buhay, mas mabisa kaysa isang tabak na may dalawang talim, isang Kumikilala ng mga pag-iisip ng puso."

216 Pakinggan n'yo. Pagmasdan.

> *At walang anomang nilalang na hindi* nahahayag *sa kaniyang paningin: nguni't ang lahat ng mga bagay ay hubad at* hayag sa harapan ng kanyang *mga mata*. . . *niyaong ating pagsusulitan.*
>
> *Yaman ngang tayo'y mayroong isang lubhang dakilang saserdote*. . .(Pakinggan po natin ito; sa mga maysakit.). . .*na pumasok sa kalangitan, si Jesus na Anak ng Dios, ay ingatan nating matibay ang ating* pahayag.

217 "Ingatang matibay," hindi lang ibig sabihin nun na patuloy kang nagpatotoo. Kung hindi n'yo ipinamumuhay ang buhay, hindi n'yo ito iniingatang matibay; namumuhay kayo nang pakunwari. Mas. . .Mas mabuti pang maging hayag kayo at sabihin na lamang na isa kayong makasalanan at iwaglit na iyon. Huwag kayong magpapahayag na isa kayong Cristiano, tapos iba ang buhay n'yo; magiging pinakamalaki kayong katitisuran na mayroon ang sanlibutan. Kung makasalanan kayo, aminin ito at, ihanda ang sarili, itama ang sarili sa Diyos. Kung Cristiano kayo, ingatan ninyong matibay ang inyong pagpapahayag, manatili kayo roon.

218 Masdan n'yo ito ngayon. Nais kong matalakay ito bago lamang tayo mag-uwian.

> *Sapagka't tayo'y walang isang dakilang saserdote* na *hindi maaaring mahabag sa ating kahinaan; kundi isa na tinukso sa lahat ng mga paraan . . . gaya rin naman natin, gayon ma'y walang kasalanan.*

Pakinggan n'yo.

> *Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo'y* magsipagtamo *ng awa, at mangakasumpong ng biyaya* at *tumulong* sa *atin sa panahon ng pangangailangan.*

Purihin ang Pangalan ng Diyos!

219 Makinig kayo, Baptist, Presbyterian, Lutheran. Tatanungin n'yo ako ng ganitong tanong, "Sumampalataya si Abraham sa Diyos, at sa kanya'y ibinilang na katuwiran." Alam ko. Diyan kayo lagi tumutumbok. Tama nga iyon. "Ano pa ba ang maaaring gawin ng isang tao kundi sampalatayanan ang Diyos?" Ganoon na nga mismo. Iyon lang ang magagawa niya. Subalit kapag kinilala ng Diyos ang pananampalatayang iyon, ipagkakaloob Niya sa iyo ang Banal na Espiritu.

220 "Ngayon ano ang kailangan kong gawin, Kapatid na Branham? Sisigaw ba ako?" Hindi naman kailangan. "Magsasalita ba ako sa iba't ibang wika?" Hindi naman kailangan. Maaari ka ngang sumigaw at magsalita sa iba't ibang wika, gawin 'yan pareho, at mamuhay pa rin na gaya ng isang—gaya ng isang pagano, at magnasa pa rin sa kababaihan. At makapaninigarilyo ka pa rin at iinom ng alak, at lahat na ng kung anu-ano pa. Nakakita na ako ng mga taong nagsasalita sa iba't ibang wika, at sa paglabas nila'y gagawin ang ilan sa mga pinakamarumi, at baluktot na gawi na nakita ko kailanman. Nakita ko nga silang sumigaw, at magpatulo ng luha ng buwaya, at nanakawin pa rin ang lahat ng mahawakan. Nakita ko na nga silang lumabas, at sa bawat babaing naglalakad sa lansangan, lilingunin. Uh-huh. Iyon ay isang matibay na tanda na wala Ito sa iyo. Ganoon nga.

221 Subalit, kapatid, kapag lumipat ka na mula sa kamatayan patungo sa Buhay, ang lahat ng mga bagay na 'yan ay magiging patay na, at isa ka nang bagong nilalang kay Cristo Jesus. Kung may makita kang mali, ipananalangin mo ito, "Diyos mahabag Ka po." At kung maharap ka sa isang gusot, sa halip na kung saan-saan ka nagpupunta at magdadaldal, at mas palalalain pa ang situwasyon, sisikapin mong lapitan ang taong 'yun at itama ang mali, at agad na pahupain ang situwasyon. Iyon ang Espiritu ng Diyos sa inyo.

222 Papaano kung magkamali kayo? Saklaw kayo nito. Kung magkamali ka, kaagad mo itong itatama. "Huwag mong hayaang

lumubog ang araw sa iyong galit." Ganoon mo malalaman na lumipat ka na sa Buhay mula sa kamatayan, mayroon ka nang pag-ibig, kapayapaan, kaligayahan, pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, pagtitiis. Nariyang nakaupo ang Dakilang Saserdote sa Langit para sa atin, nakahandang mamagitan sa ating pagpapahayag. Ano ito? Ito'y noong bumalik si Jesus sa Logos, sa Haliging Apoy na nanguna sa mga anak ni Israel, nakaupo sa Presensiya ng mga dakilang, bumubukal, na bahaghari ng mga Liwanag na lumabas, ang pitong sakdal na mga Espiritu, isang sakdal na Espiritu ng pag-ibig.

223 Ngayon masdan n'yo. Ang una ay ang *sakdal* na pag-ibig, 'yun ang pag-ibig ng Diyos, puro at dalisay. Ang kasunod, na lumabas, ay pag-ibig na *phileo*, 'yun ay pag-ibig na mayroon ka para sa iyong asawa at sa iyong mga anak. Ang kasunod, pagkatapos nun, ay *mapaghangad* na pag-ibig. Ang kasunod ay *makasalanang* pag-ibig. At sadyang pababa na nang pababa hanggang sa ito'y *karumihan* na, patuloy ngang nababaluktot, nang nababaluktot.

224 At ang lahat ng bagay na may pasimula, ay may katapusan. At kaagad na iwawaglit ang lahat ng iyon, at hindi man lang, aalalahanin pa, at babalik na roon sa mismong kasakdalan, balang araw. At ang tanging paraan lamang. . . Hindi nga kayo maaaring huminto rito, sa kalagitnaan, at abot n'yo na agad *ito*. Kinakailangang lubos ang inyong pagpasok, nagtitiwala, nakasandig nang lubos sa kaligtasang ibinigay sa inyo ni Jesus Cristo, sa pamamagitan ng pananampalataya.

225 May Espiritu ng katapatan na sa Diyos nagmula. Iyon ang bukal, bukal ng Diyos. Iyon ang katapatan. Ang sumunod dun ay ang taong gagawa ng "mabuti" para sa kanyang kapuwa. Ang kasunod ay ang taong, "kailangan mong mag-ingat sa kanya." Ang kasunod ay ang taong, "isang magnanakaw." Ang kasunod ay ang taong, "isang mamamatay-tao," nangho-hold up. Nakita n'yo na kung papaano itong nababaluktot, habang pababa nang pababa? Ngunit ang lahat ng mga bagay na ito ay tumutukoy sa isang bagay na totoo.

226 Kaya naman sinasabi ko. Sa tuwing makakakita kayo ng taong. . . Makakakita kayo ng mag-asawang naglalakad sa kalsada, mahal na mahal ang isa't isa, gayung otsenta anyos na sila. Ipinahihiwatig lamang nito na sa Langit ay may batang-batang magsing-irog na kumakatawan sa kanila, sa Langit. "Kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, mayroon tayong isa Roon."

227 Kung may makikita kayong isang lalaking mandaraya, magnanakaw, sinungaling, tandaan n'yo, may bahagi siyang naghihintay na sa impiyerno, hinihintay siya, sa kanyang lugar kung saan pahihirapan siya sa Presensya ng Diyos at ng mga banal na Anghel, ng apoy at asupre. Pahihirapan siya roon.

Hindi magpakailanman, hindi kasi maaaring magpakailanman siyang mapahirapan, hindi ibig sabihin ng magpakailanman ay lahat na, sa lahat na ng panahon. Ang Walang Hanggan ay magpakailanman, ang Walang Hanggan ay . . . walang pasimula o katapusan man. Ngunit ang *magpakailanman* ay "isang espasyo ng panahon." Sabi ng Biblia, "Magpakailan at," pang-ugnay, "kailanman." Sabi ni Jonas naroon siya sa tiyan ng balyena "magpakailanman." Isang espasyo ng panahon.

228 Ngunit, masdan n'yo, may isa lamang na Walang Hanggang Buhay, at 'yun ay ang Diyos. At kung magpakailanman ka ngang pahihirapan, at hindi kailanman mamatay, mayroon ka n'yang Buhay na Walang Hanggan. Hindi ka nga maaaring pahirapan magpakailanman . . . Maaaring pahirapan ka nang isang daang milyong taon, sa Presensya ng Diyos at ng mga banal na Anghel, ng apoy at asupre. Hindi ko alam kung gaanong katagal 'yun itinakda. Subalit kinakailangan 'yung humantong sa hangganan sa kawakasan dahil mayroon 'yung pasimula. At ang Diyos lamang ang nagtataglay ng Buhay na Walang Hanggan. "Ang dumirinig ng Aking Mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin," hindi sinabing mayroon siyang *magpakailanmang* buhay, "mayroon siyang Buhay na Walang Hanggan." Ang Buhay na 'yan na nagpasimula, hindi sa punto lang *dito*. Kundi hanggang Doon sa pinakataas, Buhay na Walang Hanggan, *Zoe*, ang Buhay Mismo ng Diyos ay bumababa at nananahan sa tao, at ang taong ito'y Walang Hanggang makakasama ng Diyos, at hindi na maaari pang mamatay. Ganoon ang sabi ng Salita.

229 Isipin n'yo na lang ito. May dalawa bang Buhay na Walang Hanggan? Hindi n'yo masagot 'yun, hindi po ba? May isa kasing Buhay na Walang Hanggan, at iyon ay ang Buhay ng Diyos. Ito namang isa pang uri ng buhay, kahit ano pa ito, mayroon itong hangganan. At anumang may pasimula ay may wakas. Subalit ang anumang walang pasimula ay walang wakas. At sinabi ng Diyos na bibigyan Niya tayo ng Buhay na Walang Hanggan, na walang pasimula, ginawa nga tayong bahagi Niya. At sa totoo n'yan ang buhay na nasa atin, ay hindi dinala rito ng kalikasan ng tao. Binigyan tayo ng kalikasan ng isang espiritu, subalit namatay ang espiritung 'yun, at tinaglay natin ang Espiritu ng Diyos. Purihin ang Diyos!

230 Isa bang tao ang Diyos? Oo naman. "Lalangin Natin ang tao sa Ating Sariling larawan." Ano ang Diyos? Isang theophany, isang katawan. At diyan ginawa ang tao at inilagay sa halamanan. Subalit walang taong magbubungkal ng lupa, kung mga pandama lang ang mayroon. At nilalang Niya ang tao mula sa alabok ng lupa, sa buhay ng hayop, at binungkal ng taong iyon ang lupa. At nahulog ang tao, sa pagsalangsang. Ganoon nga. At ang Diyos, ang Theophany, ay bumaba at

nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin, upang tubusin ang tao.

231 Kaya hindi ito sa ganang kaya n'yo. Kayo ay makasalanan, unang-una sa lahat. Inanyuan kayo sa kasamaan. Ipinanganak kayo sa kasalanan, dumating sa sanlibutan na nagsasalita ng mga kasinungalingan. Naipanganak kayo sa mundong ito sa pamamagitan ng pagnanasang seksuwal ng inyong ama at ina. At kung tutuusin ay sa impiyerno kayo patutungo, anuman ang nagagawa n'yo sa ganang kaya n'yo. Maaari ngang hindi kayo nagsisinungaling, nagnanakaw; tumupad kayo sa bawat utos, at kung anu-ano pa; hayan nga't impiyerno pa rin ang bagsak n'yo, gaya ng isang musang na huling-huli sa patibong. Subalit ang tanging paraan upang makamit n'yong muli ang buhay, ay ang tanggapin ang Espiritu Santo, ang Buhay na Walang Hanggan ng Diyos.

232 Ano nga ba ang pagkakagawa sa inyo? Sa pasimula, noong nilimliman ng Banal na Espiritu ang lupa, walang kahit ano noon maliban sa mga pagsabog ng bulkan. Isang munting bulaklak ng Pagkabuhay ang umusbong. Sinabi ng Diyos, "Ang ganda n'yang pagmasdan. Patuloy kang lumimlim." Umusbong ang mga bulaklak. Tumubo ang mga damo. Tumubo ang mga puno. Nagsiliparan ang mga ibon mula sa alabok. Lumitaw ang mga hayop. Nagkaroon ng tao.

233 Ngayon, papaano ito nagawa? Sa paglilimlim ng Espiritu Santo, pinagsama-sama ang mga iba't ibang sangkap, potash, calcium; nagawa ang mga bulaklak, nagawa ang mga hayop, nagawa kayo.

234 At ngayon, mayroon kayong malayang pagpili. Nilimliman kayong muli ng Diyos, at nagsabi, "Diringgin mo ba ang Aking Tinig? Huwag mong papagmatigasin ang iyong puso, na gaya ng sa mga araw ng pamumungkahi." Heto na Siyang bumababa, ipinangangaral ang Salita.

"Ang Mabubuting Balitang ipinangaral sa kanila ay hindi. . .walang kalakip na pananampalataya, kaya naman walang pakinabang Iyon sa kanila." Narinig nga nila Ito, ngunit hindi nila Ito sinampalatayanan.

235 Bumaba nga ang Diyos. Nagpakita Siya sa kanila ng isang Haliging Apoy. Nagpakita sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, ng mga tanda at mga kababalaghan, Siya ay sumasakanya. Hindi pa rin nila Ito sinampalatayanan. Oh, gustung-gusto nila 'yung makakakita sila ng mga himala. Gustung-gusto nilang makinig sa propeta. Subalit pagdating na sa pagsampalataya Rito, hindi sila makasampalataya. Patunay ang kanilang buhay na hindi nga sila nanampalataya.

236 "Ngayon," sinabi Niya, "huwag kayong mahuhulog sa gayon ding halimbawa ng kawalang pananampalataya." Hayan nga't

sa huling araw na ito, sa iglesyang Gentil, ay nagpakitang muli ang Diyos; siya ring tanda, siya ring kababalaghan, siya ring Haliging Apoy, pinagtibay, pinatunayan. Huwag nating papagmatigasin ang ating mga puso at mahulog sa tuksong iyon noon, ng kawalang pananampalataya, dahil mabubulok lang tayo sa lupa at hanggang doon na lang.

237 At kapag kumatok na ang Espiritu Santo sa inyong puso, [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito—Pat.] "Pagkatapos ng ilang panahon, kung marinig ninyo ang Aking Tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso." Sabi, "Anak Ko, ito ang Katotohanan." Huwag ninyong tingnan ang mensahero. Pakinggan n'yo ang Mensahe. Sampalatayanan Ito. "Huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso, na gaya ng sa mga araw ng pamumungkahi."

238 Kapag narinig ng tao ang "Iyong Tinig," huwag n'yong papagmatigasin ang inyong puso. Pagkatapos sabihin n'yo, "Opo, Panginoon, sumasampalataya po ako." Pagkatapos ay papasok na kayo sa Buhay, papasok sa inyo ang Espiritu Santo. Mamamatay ang dati n'yong espiritu, na nagdudulot sa inyo na magnasa ng masama at mamuhi, at tapos ang masamang hangad at pagkapoot, at—at pagkamuhi at lahat na ng mga bagay na gaya n'yan, ay mamamatay na. At kayo ay magiging puno ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, kapahingahan. Gaano mang kalakas umihip ang mga hangin, ayos lang.

Nakakapit ang aking angkla sa loob ng tabing.
Sa tuwing malakas at sumisigwa ang hangin,
Nakakapit ang aking angkla sa loob ng tabing.

Sapagkat kay Cristo, sa matatag na Bato, ako nakatayo;
Ang lahat na ng iba pang tayo ay buhanging gumuguho.

239 Hayan nga. Si Eddie Perronet, isinulat niya ang kilalang awiting 'yan. "Ang lahat ng iba pang tayo," lahat ng mga denominasyon, lahat ng mga kredo, lahat ng mga doktrina, ay maglalaho. Kay Cristo!

Sasabihin n'yo, "Buweno, kabisado ko ang Bibliya." Hindi mo matatamo ang Buhay sa pagkabisado ng Biblia.

"Kabisado ko ang aking katesismo." Hindi mo matatamo ang Buhay sa pagkabisado ng iyong katesismo.

"Buweno, isa akong Cristiano." Hindi mo matatamo ang Buhay sa pag-aangking Cristiano ka.

240 Magkakaroon ka ng Buhay sa pagkilala mo sa Kanya. Sa pagkilala sa Kanya, matatamo mo ang Buhay. "Pagkatapos ay papasok ka na sa Kanyang Kapahingahan. Magpapahinga ka na sa iyong mga gawa, na gaya ng Diyos sa Kanyang mga gawa." Ginawa kang isang anak ng Diyos, isang kabahagi ng Diyos.

At kung yaong—kung yaong Espiritu Santo ay mangungusap sa iyo, at ikaw nama'y mangungusap din at magsasabi, "Opo, Panginoon," o tutugon.

241 Sabi, "Magsiparito kayo sa Akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha. Kayo ay Aking Papagpapahingahin."

242 At sasabihin n'yo, "Ah, bata pa ako. Ang gagawin ko raw . . . Oh, hindi naman daw ganyan sabi ng pastor ko . . . Ang kailangan ko raw gawin . . . " Kita n'yo? Hindi n'yo nga Ito masusumpungan kailanman.

243 Subalit kung tutugon kayo, "Opo, Panginoon ko. Diringgin ko po ang Iyong Tinig. Hindi ko papagmamatigasin ang aking puso. Wala akong ibang alintana, Panginoon, Salita Mo Ito at sinasampalatayanan Kita. Tanggapin Mo po ako Jesus. 'Narito ako, walang maipagmamalaking ako, subalit ang Iyong Dugo sa akin ay nabubo. At kaya pangako ko, "Sasampalataya ako." O Cordero ng Diyos, nagsusumamo ako.'" Ipatong mo ang iyong mga kamay sa Kanyang naghihingalong ulo, sabihin, "Panginoon, isa akong makasalanan, at tinawag Mo ako."

244 "Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin, at ibabangon Ko siya sa huling mga araw."

245 "Opo, Panginoon, dumudulog ako. Hindi ko papagmamatigasin ang aking puso, na gaya ng ginawa nila sa pamumungkahi, tunay ngang sumasampalataya ako."

246 Pagkatapos ano ang gagawin Niya? Pagkakalooban ka Niya ng Kanyang Buhay, *Zoe*, Buhay na Walang Hanggan. At kung maibabangon tayo ng Diyos mula sa alabok ng lupa, kung saan tayo nagmula . . . Nagmula nga ba tayo sa alabok? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang lahat ng nakikita n'yo, ay nagmula sa alabok. At kung may kakayahan ang Diyos na likhain ako sa kung ano nga ako ngayon, na walang anumang pagpili; sapagkat hangarin nga Niyang likhain ako, at bigyan ako ng pagkakataon na humarap sa Kalbaryo at magpasya; at nakapagpasya na nga ako at nakapanampalataya na sa Kanya; ano ba naman 'yung ako'y ibabangon Niya! Kung ginawa Niya ako kung ano ako, na walang pagpili, tapos pinapili ako at pinili Siya; noong ipinatong Niya ang Kanyang mga kamay sa Kanyang Sarili, at nanumpa sa Kanyang Sarili, na ibabangon Niya ako sa huling araw. Naging panatag ako.

247 Mayroon nga akong kapahingahan, hindi dahil sumasamba ako ng araw ng Linggo, hindi dahil sumasamba ako sa sabbath. Walang anumang kinalaman 'yan dito. Sumasamba ako dahil nakapasok na ako sa Kanyang kapayapaan at Kapahingahan: kapayapaan, kapahingahan, pag-ibig, kagalakan. Hayaan n'yo ngang sumigwa ang malalakas na hangin. Ang angkla ko'y nakakapit.

248 Natumbok n'yo ba yaong karanasan na 'yun, ngayong gabi, kaibigan kong nakaupo rito sa mainit na tabernakulong ito? Hindi nga kayo nagsidalo rito para ako ang pakinggan n'yo. Hindi. Dumadalo kayo rito upang mapakinggan ang Salita. Pakinggan mo, kaibigan ko.

249 Ngayon kung hindi pa n'yo taglay ang Kapahingahang iyon, maaari n'yo Itong masumpungan sa mga oras na ito. Hindi n'yo na kailangan pang dumulog dito sa altar. Manatili lang kayo sa kinauupuan n'yo. Maging matapat, at sabihin, "Cristo, mangusap ka nga po sa puso ko. Alam ko pong mainit. Ako'y—ako'y talagang nanlalagkit na, pawisan. Iba na ang ayos ko. Ngunit, Panginoon, tunay ngang, maari namang magpawis ako dahil sa karamdaman, matindi pa kaysa rito, bago mag-umaga."

At maaaring pumiling-piling ang doktor, sasabihin, "Atake sa puso ito. Wala na siya." Ano nang mangyayari pagkatapos?

250 Ano nang mangyayari? Kapag binuksan na ang dakilang Aklat, ano nang mangyayari? Narinig n'yo na ang awiting iyon, *What Then?* "Kapag yaong mga tumanggi sa Mensahe, ay tinanong kung anong masasabi, ano nang mangyayari?" Ano na nga kayang mangyayari? Isipin n'yo 'yun ngayon, isipin n'yong maigi.

251 Habang iniyuyuko natin ang ating ulo, isipin n'yo ito.

> When the one that's rejecting this Message tonight,
> Going to be asked to give a reason, what then?
>
> What then? What then?
> When the great Book is opened, what then?
> When the ones that's rejecting this Message tonight,
> You're going to be asked to give a reason, what then?

252 Makalangit na Ama, ang lahat ng ito ay nasa mga kamay Mo na ngayon. Narito ang tunay na Sabbath na nasa harapan ng mga tao. Narito ang Anghel ng Diyos, na sa loob nitong huling ilang mga taon, ay nagpalaganap sa buong mundo. Ang mga kritiko at ang kung sinu-sino pa, sinikap nila Itong kondenahin. Subalit, sa tuwina, ay pinatunayan Mo ang Iyong Sarili na Diyos.

253 Ang mundo ng siyensya, ang mundo ng mga iglesya; bulag na nga ba sila, Panginoon? Marahil ay may isang naririto ngayong gabi na nagnanais na makatanggap ng kanilang paningin, upang patuloy na lumakad, at hindi tuksuhin ang Diyos, na gaya noong panahon ng pamumungkahi; hindi nga susubukang tuksuhin Siya, sa pagiging mabuti tuwing Linggo, o ipangilin ang isang araw, o itaas ang isang kredo, o makianib sa isang iglesya. Bagkus ay nagnanais na lumabas at matuli, sa puso, at tanggapin ang Espiritu Santo. At kanilang nanaisin Siya.

Sa pamamagitan nga ng pananampalataya sa mga oras na ito, sinisikap nilang tanggapin Siya sa kanilang puso. Sinisikap nilang makasumpong ng biyaya sa Iyo, Panginoon.

254 Oh, maaaring nakapagsalita pa sila sa iba't ibang wika. Maaaring nakasigaw pa sila. Pero taglay pa rin nila ang dating pagkamagagalitin. Taglay pa rin nila ang dating masamang hangarin. Nagdadaldal pa rin sila at kung anu-ano ang sinasabi, at gumagawa ng mga bagay na hindi nila dapat gawin. Ayaw na nila n'yan, Panginoon. Ano na ngang mangyayari, kapag nabuksan na ang dakilang Aklat na iyon, "Hayan nga't," sabi, "hindi makapapasok ang kagaya niyan sa Kaharian"? "Mangagpakasakdal nga kayo, na gaya ng inyong Ama sa Langit na sakdal." Hindi nga makapapasok ang anumang may pagkukulang. Nagtitiwala ba sila nang buo, ngayong gabi, sa napako sa krus? Kung hindi pa, Panginoon, magawa nawa nilang sambitin yaong isang Walang Hanggang "oo" ngayon din.

255 Sambiting, "Panginoon, ako po'y . . . hindi po ito bugso ng damdamin, subalit sadyang nadarama ko lamang ang Isang Bagay sa kaibuturan ng puso ko, sinasabi sa akin nitong Bagay na naroon, 'magagawa ko na nga ito ngayon din, sa pamamagitan ng Iyong biyaya.' At ngayon tinatanggap Kita bilang sarili kong Tagapagligtas. Aking—aking tinatanggihan na ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan, at nais kong makapasok sa Iyong Kapahingahan. At naniniwala po akong magaganap ito sa akin ngayon din. Nananampalataya akong dinadala na ako ng Espiritu Santo mismo sa dakong iyon."

256 Habang nakayuko ang bawat ulo. Mayroon po bang ganoon ang nadarama sa mga oras na ito? Itaas po ang inyong kamay, "Dinadala na ako ngayon ng Espiritu Santo sa isang dako kung saan hindi na ako magdadaldal pa." Pagpalain ka ng Diyos. "Hindi ko na gagawin ang mga bagay-bagay. Wala na ang pagkamagagalitin ko. Makapapamuhay na ako na may kapayapaan at kagalakan at pagpapahinuhod, magmula ngayon. Naniniwala akong nangungusap ang Diyos sa akin ngayon, na makakaya ko nang gawin ito mula sa oras na ito, sa Kanyang biyaya." Maaari mo bang itaas ang iyong mga kamay? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos kabataang babae. May iba pa po ba? "Nananampalataya na ako ngayon."

257 Huwag n'yo Siyang tutuksuhin, na gaya noong araw ng pamumungkahi. Huwag n'yong isiping dahil nakapagsisimba tayo ng Linggo, o ipinangingilin ang sabbath. Sinabi ni Pablo, "Ipinangingilin ninyo ang mga araw o mga buwan, at kung anu-ano pa, nababagabag ako para sa inyo. Ang kautusan na may isang anino ng mabubuting bagay na darating, hindi ang tunay na larawan ng bagay, kailanma'y hindi maaaring magpasakdal sa mananamba." Subalit pinapaging sakdal kayo ni Cristo, sakdal sa paningin ng Diyos. Inaalis Niya ang inyong kasalanan,

inaalis ang hatol sa inyo, ipinagkakaloob sa inyo ang Kanyang pag-ibig at kagalakan.

258 Kayo ba'y handa na ngayong pumasok sa Kapahingahan? Itaas n'yo nga ang inyong kamay, sabihin, "Ginawa ko na po." Pagpalain ka ng Diyos, kabataang babae, sa banda rito sa aking kaliwa. Pagpalain ka ng Diyos 'yung lalaking nakaupo sa kanan ko. Pagpasok sa Kanyang Kapahingahan, isipin n'yo 'yun ngayon.

259 Ipanalangin n'yo, "Narito ako, Panginoon, walang maipagmamalaking ako; walang kabutihang masusumpungan sa akin. Wala akong maihahandog sa Iyo, kundi itong aking lipas, at hindi na mapakikinabangang, buhay na makasalanan. Maaari Mo po ba akong tanggapin? Linisin? Tulungan? Heto po ako, nangakong sasampalataya ako. O Kordero ng Diyos, nagsusumamo ako. Nagsusumamo ako ngayon, nananampalatayang lumipat na ako ngayon mula sa kamatayan patungo sa Buhay. Dahil, dito sa mismo ko pong kinauupuan, ay tinanggap na Kita bilang aking Tagapagligtas at damang-dama ko na ang kapayapaan sa aking puso."

260 May limang nagtaas ng kanilang mga kamay. May isa pa po ba, na ganoon ang nadarama, at itataas ang kanilang kamay? Kung hindi ka pa isang Cristiano, tanggapin mo na Siya ngayon din.

261 Kung nag-aangkin kang Cristiano at hindi pa pinagpaging ganoon, isa ka pa ring makasalanan, kahit ano pang gandang buhay ang iyong—iyong ipamuhay, o kung paano mo sinisikap na gawing matuwid ang sarili. Hindi pa rin tatanggapin ang mga gawa mo. Ito'y sa kung ano ang Kanyang ginawa. Hindi tatanggapin ang sarili mong pagkamatuwid. Kung inihinto mo ang paninigarilyo dahil lang sa sinabi mo kasi, "Buweno, dapat ko nang ihinto ang paninigarilyo dahil sinasabi ko pa namang isa akong Cristiano." Hindi 'yan tinatanggap ng Diyos. Kung huminto ka na sa pagkakaroon ng pagnanasa sa kababaihan, dahil lang sa pinipilit mo ang sarili mong gawin ito, hindi 'yan tinatanggap ng Diyos. Sarili mo lang ang may gawa n'yan. Mga gawa 'yan. Biyaya ang makapagliligtas sa iyo. Dumating na ba sa iyo ang Diyos at inalis na ang buong bagay na 'yan sa iyo? Yan ang susunod na mangyayari.

262 Sasabihin n'yo, "Umanib na kasi ako sa iglesya, at kaya naman kinakailangan ko nang ihinto ang mga ganitong bagay." Hindi 'yan tinanggap ng Diyos, hindi nga sa ganang iyo. Tinatanggap lamang Niya kung ano ang ibinibigay ni Cristo. Siya ang nagbibigay ng Buhay na Walang Hanggan, at inaalis 'yan sa iyo. Tatanggapin mo ba Ito?

> . . . out on the stormy, wild sea,
> Come, anchor your soul in the haven of Rest,
> And say, "My beloved is mine."

I've anchored my soul . . .

Sige po, maaari na n'yong itaas ang inyong ulo. Tapos na po ang mensahe ngayon. Tayo'y magpuri ngayon.

I'll sail the wild sea no more;
The tempest may sweep over the wild, stormy deep,
In Jesus I'm safe evermore.

263 Sumamba po, ang bawat isa.

I've anchored my soul in a haven of Rest, (Sabbath)
I'll sail the wild sea no more;
The tempest may sweep over the wild, stormy deep,
In Jesus I'm safe evermore.

Shine on me, . . .

Damhin n'yo ang kapahingahan. Ipikit n'yo ang iyong mga mata. Nadarama n'yo ba ang malamyos na Espiritu? Iyan ay pagsamba. Tapos na ang mensahe. Ito'y pagsamba na.

Let the light from the lighthouse shine on me,
O shine on me, O Lord, shine on me,
O let the Light from the lighthouse shine on me.

264 Ilan ang naging mainam ang pakiramdam? Itaas n'yo ang inyong kamay. Yaong malamyos, at mapagpakumbabang espiritu, 'yun nga Ito.

To be like Jesus, just to be like Jesus,
On earth I long to be like Him;
All through life's journey from earth to Glory,
I only ask to be like . . .

Sumamba lang.

*Ang Aklat Ng Mga Hebreo*

Ang labing-isang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham na orihinal na ipinangaral sa Ingles mula Agosto 21 hanggang Setyembre 22, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©2016 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org